

A N G B A Y A N

Disyembre 15 1993

ANG PAKSYUNALISMO, PANGHAHATI AT BALUKTOT NA LINYA AT MGA KONSEPTO NG "SGVC"

[Ang dokumentong ito ay inilabas para sa limitadong sirkulasyon noong nakaraang taon. Muli itong inilalathala para sa mas malawak na sirkulasyon upang maliwanagan ang mga kadre at kasapi ng Partido at upang mabaka ang bagong mga bersyon ng dati nang mga bangkrap na linya at konsepto na inilalako ngayon ng mga bagong sulpot na mga paksyunalista.]

Ang pangalang *Standing Group, Visayas Commission (SGVC)* ay inangkin ng isang pangkat ng mga konspirador sa pamumuno ng dating pinuno nito na Arturo Tabara, isang elementong nabulok at nagtaksil. Kaya nilalagyan natin ng mga panipi kapwa ang pangalan at mga inisyal kapag ang tinu- tukoy ay ang naturang pangkat ng mga konspirador.

Ang *Visayas Military Area Command (VMAC)* ay ang dating pamatnugutan ng BHB para sa buong Kabisayaan alinsunod sa tinag-uriang regulari- sasyon. Sa desisyon ng ika-10 Plenum ng KS, binuwag ang VMAC kasabay ng General Command (GC) ng BHB. Ang pangalang "VMAC" ay ginagamit ng dating pinuno ng SGVC at mga kasapakat niya sa mga isplitistang aktibidad. --Editor]

Natanggap ng KTKS noong Disyembre 11, 1992 ang sumusunod na mga papel ng "SGVC":

- a. "Magpunyagi sa Wastong Paglalagom, Punahin ang Makaisang-Panig na 'Reaffirm...', " "SGVC", Nobyembre 1, 1992
- b. "Party Unity and Leadersip Processes," "SGVC", Nobyembre 1, 1992,
- k. "Igiit ang Batalyon at mga Kumpanya," VMAC, Oktubre 1992, at
- d. Dalawang sulat ng "SGVC" sa mga kagawad ng VISCOM at mga Komite sa Rehiyon sa Kabisayaan, Setyembre 29, 1992 at Oktubre 30, 1992.

Sa kabila ng pagpopostura ng "SGVC" na bukas na ihinahapag nila sa KS, KTKS at kay AL ang kanilang mga papel, ang mga kopyang natanggap ng KTKS ay hindi mula sa "SGVC" bagama't may linya ng komunikasyong umiiral sa pagitan nila at ng KTKS. Nang matanggap ng KTKS ang kopya ng kanilang mga papel, ang mga ito ay kumakalat na sa iba't ibang yunit sa Maynila-Rizal at maging sa ibat' ibang rehiyon. Ang paglililinaw na ito ng KTKS ay pangunahing para sa mga kasapi at yunit ng Partido sa Kabisayaan. Pero obligadong ipalaganap din ito sa lahat ng inabot ng pagpapalaganap ng mga papel ng "SGVC" at maaaring malinlang ng mga iyon. Gayunman, ang paglaganap nito ay dapat alinsunod sa umiiral na mga linya ng organisasyon at sa ilalim ng superbisyon ng mga kinaukulang organo ng

Partido. Dapat iwasan natin ang pananagasa sa mga organisasyon at proseso ng Partido habang binabaka ang anarkismo at walang taros na paglapastangan sa mga tuntunin at proseso ng Partido na pinalalaganap ng mga elementong anti-Partido, paksyunalista at manghahati.

1. Ang Paksyunalismo, Panghahati at Anti-Partidong Konsepto at Pagkilos ng "SGVC"

1.1. Ang "SGVC", laluna ang dating pinuno nito (tumanggap siya ng bagong tungkulin noong ika-10 Plenum), ay kabilang sa mga pasimuno ng anti-Partidong kampanya ng paksyunalismo at panghahati na kasalukuyang itinutulak ng ilang yunit at elementong nakabase sa Maynila-Rizal.

Nagpapanggap ang "SGVC" na hindi nila gustong manghati sa Partido, na ang ginagawa nila ay "makaprinsipyong tunggaliang pang-ideolohiya", na itinataguyod nila ang Konstitusyon ng Partido, na "susundin (nila) ang wastong pang-organisasyong proseso sa paglutas ng tunggaliang ito", na "buo ang (kanilang) tiwala sa Komite Sentral" na "buo ang (kanilang) tiwala sa Marxismo-Leninismo." Pero ang kanilang ginagawa ay ganap na kabaligtaran ng kanilang sinasabi.

Ang kabuuang tuon ng pagkilos ngayon ng "SGVC" ay ang paninira, panggugulo at pananabotahe sa Komite Sentral, Kawanihang Pampulitika at KTKS. Tinatangka nilang wasakin ang sentral na pamunuan ng Partido, pugutan ng ulo ang Partido, at sa gayon, gawin ang hindi nakayang gawin ng LAMBAT-BITAG ng kaaway. Kaalinsabay, nagtutulak sila ng pagkakanya-kanya, paghahati-hati at pagpapaksyun-paksyon ng iba't ibang bahagi ng Partido.

Ang kampanya ng paninira sa KS, KPKS, KTKS at ika-10 Plenum ng KS, kasabay ng paggigiit na "Politburo ng 9th Plenum ng KS" ang tumayong sentro, at pananawagan sa "ispesyal na plenum" at "kongreso" ay ginagamit nilang kublihan para makakilos nang ganap na walang kinikilalang pambansang pamunuan ng Partido; mapangibabaw sa kanilang sirkulo at mga mahahatak ang sarili nilang paksyunal na pananaw at patakaran sa linya, estratehiya at organisasyon; at lantarang makapangampanya ng panghahati sa Partido at hukbong bayan.

Sa aktwal na praktika, bago pa man maganap o kahit hindi maganap ang pabalat-bungang panawagan nila sa pag-upo ng "Politburo ng 9th Plenum ng KS", "ispesyal na plenum" o "kongreso", todo-larga na ang kanilang paglapastangan at pananagasa sa lahat ng mga proseso at tuntunin ng Partido. Walang pagpipigil na ang kanilang pagpapalaganap ng anarkismo at ang pangwawarat sa integridad ng mga organisasyon at proseso ng Partido sa iba't ibang antas. Sige na ang operasyong demolisyon nila laban sa Partido.

Obligasyon ng KS, KPKS, KTKS at ng lahat ng kasapi at yunit ng Partido na ilantad, labanan at biguin ang anti-Partidong pakana ng "SGVC" at mga kasabwat nila. Ubos-kayang ipagtanggol ang integridad ng Partido at magpunyagi sa demokratikong rebolusyong bayan. Ang mismong buhay ng Partido at rebolusyon ang kanilang pinaglalaruan at sinasalakay.

1.2. Sa mahigit 20 taon ng mahirap at masalimuot na pakikibaka, nakapagpunyagi ang Partido sa rebolusyonaryong landas at sa pagtataguyod sa mga prinsipyong naging saligan ng muling-pagtatatag at pagpapanibagong-lakas ng Partido. Hindi natin magagawa ito kung hindi tuluy-tuloy na umiral at gumana ang sentral na pamunuan ng Partido kahit sa mga pagkakataon na matinding tinatamaan ng bigwas ng kaaway, kung hindi patuloy na dumaloy ang pamumuno nito sa buong Partido at kung hindi nito pinangalagaan sa abot ng makakaya ang integridad ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Bilang pagtugon sa tungkulin nito, ang Komite Sentral, sa ika-10 Plenum nito, ay naglagom sa nakaraang mahigit isang dekadang karanasan ng Partido; tumukoy sa mga matagal na at malulubhang pagkakamali, pagkukulang at paglihis na nagdulot ng wala pang katulad na mga pinsala; at nagpasyang manguna sa isang puspusing Kilusang Pagwawasto upang punahin at iwaksi ang mga pagkakamali at paglihis at konsolidahin ang Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Pero ang "SGVC", dahil ayaw sa desisyon ng KS sa Kilusang Pagwawasto at ayaw tumanggap ng kanilang mga pagkakamali, ay nagsasagawa ngayon ng isang kampanya ng paninirang-puri sa sentral na pamunuan ng Partido, nagdeklara nang walang batayan at lampas sa kanilang kapangyarihan o karapatang Konstitusyunal na hindi na lehitimo ang KS, at naggigiit sa halip sa isang sinasalamangka, hindi umiiral at kathang-isip na "Komite Sentral", "Politburo ng 9th Plenum ng KS" at "ispesyal na plenum", na lubos na walang tinitindigang tuntunin o proseso sa Konstitusyon ng Partido, at sa katunaya'y tahasang lumalabag doon.

Ganap na madidisorganisa ang Partido kapag hinayaan ang kahit sino na hindi tumatanggap sa desisyon ng umiiral na pamunuan ng Partido sa anumang antas, na mangampanya nang salungat sa gayong desisyon at maggiit na palitan ang pamunuan ng isang kapulungang maaaring umiral nga minsan sa nakaraan pero matagal at maraming ulit nang nagbagu-bago ang komposisyon bunga ng mga liko at ikot ng pakikibaka, at alinsunod sa mga proseso at tuntunin ng Partido.

Kung hahayaan ang "SGVC" na igiit na "Politburo ng 9th Plenum ng KS" ang dapat na kilalaning sentro ng Partido ngayon, sino ang makapipigil sa kanila na hingin naman sa hinaharap ang paghalili ng "Politburo ng 8th Plenum ng KS" kung hindi pa rin nila magustuhan ang desisyong mabubuo?

At kung magkakagayon, sino naman ang makapipigil sa iba pang yunit o kasama na magpumilit na ang dapat ipalit ay ang pamunuan o ibang bahagi niyon sa ibang panahon at ibang taon sa nakaraan?

Arbitraryo at arogante, pero lubhang musmos ang panukala ng "SGVC". At ang mas masama pa dito, ginagamit nila ang gayong panukala para itulak ang kampanya ng paninira at pagwasak sa sentral na pamunuan ng Partido.

Nilililalang nila ang mga yunit at kasapi ng Partido na sumama sa kanilang "krusada" para palitan ang lehitimong sentral na pamunuan ng isang sinasalamangka at kathang-isip na pamunuan na arbitraryong pinili nila at gustong ipataw sa buong Partido.

Kapag kinilala at tinanggap ng Partido ang kabulastugang ito, para na ring nagpatiwakal ang Partido. Hindi na kailanman maaaring makapamayani sa Partido ang demokratikong sentralismo. Ito ay magiging ganap na inutil at angkop na lamang na maging isang barkadahan sa kanto o kalipunan ng mga barkadahan sa kanto.

1.3. Kung gaano kaarbitraryo ang konsepto ng "SGVC" sa kung anong grupo ang dapat kilalaning sentral na organo ng Partido, gayundin kaarbitraryo at kaganap na walang lohika at katwiran ang paninindigan nila sa kung sinu-sino ang dapat ituring na mga kagawad ng KS ngayon.

Itinataguyod ng "SGVC" ang lubhang mapanganib na konsepto na nananatiling kagawad ng KS ang mga kagawad nito kahit nadakip at nasa loob ng bilangguan ng kaaway. Tahasang salungat ito sa matagal nang tuntuning konstitusyunal na awtomatikong nagtatanggal sa pamunuan ng sinumang kagawad ng KS (o kahit sa mas nakabababang antas) na nadadakip ng kaaway. Kung ang panuntunan ng "SGVC" ang sinunod, pugot na ang ulo, wasak na ang Partido, wala na ang rebolusyon bandang kalagitnaan pa lamang ng mga taong 1970.

Itinataguyod din ng "SGVC" ang anarkistang konsepto na ang sinumang dating kagawad ng KS na nadakip at nakalaya ay awtomatikong bumabalik sa katungkulan at agad nang makakaokupa sa dating tungkulin at pusisyon kapag ginusto at kahit hindi pa nakapag-uulat, natatasa at naipuproseso ng mga kinauukulang organo. Nilililalang nila ang ibang kasapi ng Partido na mga kagawad na ng KS ang ilang nadakip at nakalaya na hindi pa nag-uulat, natatasa, napuproseso at naisasanib muli sa dating kolektiba. Pinalilitaw nilang mga kagawad ng KS kahit ang ilang elementong kaduda-duda na ang determinasyong kumilos uli nang buong-panahon at tumanggap ng gawain sa antas ng KS, o di kaya'y dati nang napatawan ng mga aksyong pandisiplinang nakakaapekto sa kanilang katayuan.

Sa mga bagong-layang kasama, mayroong mga aktibong namumuno sa kampanya ng paksyunalismo at panghahati, mayroong mga natatangay at mayroong mga maingat na nangangalaga sa integridad ng mga tuntunin at proseso ng Partido.

Sa mga kabilang sa kampanyang paksyunalista at panghahati, may ilang indibidwal na bagong-laya na nanghihimasok sa mga importanteng labanang pampulitika -- nang walang pakundangan, walang koordinasyon at wala ni pasintabi sa mga kinauukulang organo ng Partido. [Hindi kabilang dito ang mga kasamang nagkukusang pumusisyon sa mga usaping pampulitika pero maingat sa hangganan ng kanilang mga tungkulin at karapatan, at sumusuporta sa halip na manggulo at managasa sa umiiral na mga patakaran at desisyon.]

Ang mga paksyunalista at manghahati ay nag-aakusa ng arogansya sa ibang tao na dumaan na rin sa sitwasyong kaparis ng sa kanila ngayon, pero hindi kailanman umangkin o nagsarili sa pag-okupa ng anumang dating pusisyon sa Partido at hindi kailanman nagpahayag o pumustura sa publiko nang salungat sa patakaran at desisyon ng sentral na pamunuan.

Ang mas masama pa, ang mga tunay na lehitimong kagawad ng KS ang sinisiraan ng "SGVC". Pinalilitaw ng "SGVC" na iligal ang pag-aangat ng KPKS sa mga panghaliling kagawad, na ihinalal ng ika-9 na Plenum at mga kasamang subok, uliran at karapat-dapat, samantalang ang gayong pag-aangat ay isang obligasyon ng KPKS na ispesipikong pinagdebatihan at inaprubahan nang halos kabuuan ng ika-9 Plenum ng KS. Ang esensya ng pagkakaroon ng mga panghaliling kagawad, sa alinmang organisasyon, ay para mayroong kagyat na reserba na handang humalili sa pamumuno tuwing kakailanganin, nang hindi hinihintay ang pagtitipon ng orihinal na mas malaking kapulungang naghalal sa pamunuan.

At higit sa lahat, ang kanilang arbitraryo at palsipikadong tuntunin tungkol sa mga kagawad ng KS ay ginagamit nilang sangkalan para siraan ang Komite Sentral, targetin ng kampanya ng tsismis at intriga ang ika-10 Plenum ng KS, at igiit ang kahit sinu-sinong tao o alinmang grupong gusto nila bilang "Komite Sentral" ng Partido.

1.4. Ang panukalang "ispesyal na plenum", ay isang masamang panukala na maaaring ihinahapag nang tapat ng ilan pero mukhang hindi nila gaanong napag-iisipan at naiintindihan ang mga implikasyong konstitusyunal. Higit pa, ito ay isang masamang panukala na ginagamit ng mga paksyunalista at manghahati para ipambilog sa ulo ng ibang kasama at hatakin sila sa isang operasyon ng pagdistrungka sa umiiral na sentral na pamunuan at mga proseso ng Partido.

Ang diumanong "ispesyal na plenum" ay dadaluhan daw ng mga "kagawad" ng KS na itinakda ayon sa arbitraryo at palsipikadong mga tuntuning inilalako ng "SGVC".

Pero bukod sa kanila, dadalo rin daw ang mga namumunong kadre sa iba't ibang organo, na hindi malinaw kung sa anong batayan at prosesong Konstitusyunal pipiliin at kung aling organo ang dapat pumili.

Kung magkakagayon, sino ang makapipigil sa sinumang namumunong kasama na makakaramdam at magpapalagay na ipinupwera siya sa "ispesyal na plenum" nang walang katwiran, na mangampanya para naman sa ibang tuntunin, ibang proseso, ibang kalipunan ng namumunong kadre, at ibang organong pipili sa kanila?

At pagkatapos ng lahat ng gulo na maaaring idulot ng pagpili ng mga dadalo sa "ispesyal na plenum," hindi pa malinaw kung anong mga tuntuning konstitusyunal at alkemiya ang makapagtatransporma ng naturang kalipunan sa bagong plenaryong kapulungan ng sentral na pamunuan ng Partido.

Buhul-buhol ang panukalang "ispesyal na plenum." Kung susundin ito, hindi lamang ang pag-iisip ng mga paksyunalista at manghahati, kundi ang mismong organisasyon at mga proseso ng Partido, ang magkakabuhul-buhol.

Pero ang masama sa lahat, ginagamit na itong sangkalan sa isang kampanya ng paksyunalismo at panghahati. Sa biglang tingin, ang kampanya ay isa lamang kampanyang petisyon sa loob ng Partido, pero sa katunayan ang mga kadre at kasapi ay nilililalang na pumusisyon laban sa sentral na pamunuan at idagdag ang pirma nila sa kampanya ng pagdistrungka sa Partido. Ito ay kampanya ng likidasyon ng Partido, na pinalilitaw na "demokratikong reporma at pagpapanibagong-sigla" at binabalutan ng anyo ng "demokratikong inisyatiba" mula sa ibaba -- na ibinabagay sa panahon ng demolisyong anti-Partido ala-Gorbachov.

Tanggapin man ng Partido o hindi ang panukala, agad nang sinisira ng kampanyang petisyon ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga kadre at kasapi sa Leninistang diwa ng Partido at demokratikong sentralismo, agad nang sinusulsulan ang pagkakanya-kanya, at agad nang winawasak ang integridad ng mga organisasyon at proseso ng Partido sa iba't ibang antas.

Sa gayon, kapag napamayani ang lubos na disoryentasyon sa hanay ng mga kadre at kasapi ng Partido, matutupad ang hangad ng mga paksyunalista at manghahati na pairalin ang kanilang paksyunal na sentralismo sa mga baha-bahagi ng organisasyon ng Partido, at kung kakayanin, pwede pang ambisyunin nila ang isang anarkistang bugso sa loob ng Partido na tuluyang makapaggugupo sa determinasyon ng mga lehitimong organo ng Partido at maghahawan ng daan para sa kumpletong pagdomina nila sa Partido o anupamang matitira dito.

Subalit kahit magtagumpay ang mga paksyunalista at manghahati, ang umalagwa nang anarkismo at pamamayani ng mga baluktot na konsepto ng Partido (Hindi sila magtatagumpay kung wala ang mga ito.) ay sasagka at bibigo sa anumang pagtatangkang makapagpairal pang muli ng organisasyong may pagkakahawig sa proletaryong partido. Sa kahuli-hulihan -- kapag hindi puspusang nilabanan at binigo ngayon pa lamang ang kampanyang ito -- walang tanging makikinabang kundi ang reaksyunaryong kaaway at ang mga kampon ni Gorbachov na walang interes kundi ang mangwasak sa proletaryong partido.

1.5. Ang pangangailangan ng bagong Kongreso ng Partido ay malinaw na kinikilala at idinidiin ng ika-10 Plenum ng KS. Ang mga dahilan at naging epekto ng kabiguang idaos ito sa matagal na panahon ay sinuri sa paglalagom ng KS.

Pero ang mga paksyunalista at manghahati ay nananawagan ng isang Kongreso para gawing sangkalan sa kanilang paksyunalismo at panghahati, para lamang maging kublihan ng kasalukuyang kampanya nila laban sa linya, mga saligang prinsipyo at sentral na pamunuan ng Partido.

Dahil matagal nang naantala ang pagdaraos ng ikalawang Kongreso at may

pagkakaisa ng paniniwala sa pangangailangan niyon, pinalilitaw nila na pwede nang bale-walain, isantabi, lapastanganin ang linya at mga saligang prinsipyo ng Partido na pinagtibay ng Unang Kongreso: pwede nang magkanya-kanya sa paglalako ng sari-saring linya, estratehiya at prinsipyo.

Sa gayon, ang kongresong pinag-uusapan pa lamang o ang simpleng pag-uusap sa pangangailangan niyon ay pinalilitaw na may mas malakas na bisa at higit nang nakapananaig kaysa sa mga pasya at malinaw na nilolooob ng Kongreso ng Muling-Pagtatatag. Mas masahol pa, sa kanilang labis na arogansya, inuunahan na nila bago pa man maging ang mga desisyon ng ikalawang Kongreso sa mga pundamental na usapin. Pinalilitaw nila na ang kanilang sariling mga pananaw at linya ang kikilingan at pagtitibayin ng kongresong pinag-uusapan pa lamang ang pagdaraos.

At higit sa lahat, ang simpleng pagdidiin sa pangangailangan ng bagong Kongreso ay ginagamit ng mga paksyunalista at manghahati para tibagin na agad ang awtoridad at pamumuno ng sentral na pamunuang nakatuntong sa Unang Kongreso at sa Konstitusyong pinagtibay niyon. Sa simpleng batayang matagal nang idinaos ang Unang Kongreso, pinalilitaw na wala nang bisa ang mga saligang prinsipyo at Konstitusyong pinagtibay niyon at ang sentral na pamunuang binuo niyon. Ang mga malubhang pagkukulang ng Partido sa pagbubuo sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa mga nakaraang taon at ang mga kahinaang bunga ng mga iyon ay sinamantala at patuloy na sinasamantala ng ilang elementong tangay ng mga petiburgis na pananaw at konsepto at nagdadalawang-isip na sa linya ng rebolusyong dalawang yugto at sa digmang bayan o mas masahol pa, sa Marxismo-Leninismo mismo.

Habang lumalaon, sa nakaraang ilang taon, nag-ibayo ang pagpapakalat at pagpapaypay ng mga elementong ito sa mga tsismis at intriga laluna sa mga yunit at kasapi ng Partido na nakabase sa Maynila-Rizal. Ang makatwiran at walang malisyang diskontento sa hanay ng mga kasama ay kanilang ginatungan, lalong sinulsulan at hinatak upang pumuntirya sa Tagapangulo ng Partido at sa KTKS, at pagkatapos, ang kaguluhang nalilikha ay kanilang pinalilitaw na pruweba ng ganap nang paghiwalay at paglayo ng kasapian sa mga saligang prinsipyo at sentral na pamunuan ng Partido.

At ngayon, batay sa paniniwala yata na mayroon silang banal na karapatan, ang makitid na sirkulong ito ay aroganteng umaangkin sa kapangyarihang magbigay-kahulugan sa nilolooob ng pambansang kasapian, at gamitin ang sarili nilang interpretasyon doon para bigyang-matwid ang walang patumanggang pagsalungat sa mga saligang prinsipyo ng Partido, paglabag sa mga patakaran at desisyon ng Komite Sentral, pagsagasa sa mga organisasyon at proseso ng Partido, at unahan maging ang anumang kongreso ng Partido sa hinaharap.

1.6. Sa kanilang pangunahing papel, ang "SGVC" ay sumusumpa ng katapatan at pagtitiwala sa Saligang-Batas at Komite Sentral ng Partido, at sa Marxismo-Leninismo.

Pero kaalinsabay, inuudyukan nila ang mga yunit ng Partido sa Kabisayaan na talikuran ang demokratikong sentralismo at mga proseso ng Partido, magkanya-kanya sa pagpapisyon at pangangampanya para sa mga iyon sa loob ng Partido, at sumalungat sa mga desisyon ng KS. Dahil nagdadalawang-isip na o nalilito sila, gusto nilang puntiryahin ng pandudumog ang linya, estratehiya at mga saligang prinsipyo ng Partido. Dahil tutol sila, gusto nilang idaan sa reperendum ang pagpapatupad sa mga desisyon ng KS. Mayroon pa bang paglapastangan sa Saligang-Batas ng Partido at sa Marxista-Leninistang konsepto ng Partido, na mas lalaki pa dito?

Noon pa man, hilig ng dating pinuno ng "SGVC" na mag-astang hari-harian at ituring na "kanyang tao" ang mga kadre at kasapi ng Partido sa Kabisayaan. Sa ika-10 Plenum, nagbanggit siya ng pananaghili sa isang kasama dahil nadala daw ng huli ang lahat ng "tao niya," samantalang siya ay isa lamang. Ngayon sa isang dokumento mismo, bumabanggit ang "SGVC" ng iba't ibang organo ng Partido na "naninindigan sa karapatan at kapakanan ng kanilang pinamumunuang kasapian." Bigla, ang organisasyon ng Partido, ang pinakasulong na ditatsment ng uring manggagawa, ay nais itransporma ng "SGVC" sa isang pederatibong organisasyong binubuo ng mga nagsasariling kaharian na may kanya-kanyang boss. Bigla, ang sentral na pamunuan ng Partido, sa halip na maging konsentradong ekspresyon ng pagkakaisa ng buong kasapian sa iisang linya, estratehiya at sama-samang pakikibaka, ay gustong ibaba ng "SGVC" sa ranggo ng koordineytor at pederatibong sentro na nasa kapangyarihan ng mga awtonomong kaharian sa halip na tuwirang namumuno at kumakatawan sa buong kasapian at buong organisasyon ng Partido. Ano pa ba ang mas malaki pang korupsiyon ng Marxista-Leninistang konsepto ng talibang partido at ng Saligang-Batas ng Partido?

Sadyang binabaluktot o di kaya, hindi naiintindihan ng "SGVC" ang Marxismo-Leninismo at ang Saligang-Batas ng Partido. Ang mga konsepto at aktwal na pakikitungo nila ngayon sa Partido ay saligang sumasalungat sa interes ng rebolusyonaryong proletaryado at walang ibubunga kundi ang pagdisorganisa at pagdisarma sa rebolusyon. Dapat ilantad, tuligsain at itakwil ang ganitong mga anti-Partidong konsepto.

1.7. Ang pangunguna at pambubuyo ng dating pinuno ng "SGVC" ang pinakamalakas na impluwensyang humila sa "SGVC" sa anti-Partidong kampanya ng paksyunalismo at panghahati.

Gayunman, batay sa mga pambabaluktot, tahasang kasinungalingan at kabulastugan na inilalako ng mga papel na sinulat at inaprubahan ng iba pang kagawad ng "SGVC", malinaw na sila mismo ay may sarili nilang mga disoryentasyon, pagkalito at palyadong pagtitimbang sa mga usapin at bagay-bagay.

Sa matagal na pagbababad sa Metro Manila, mukhang nakakuha sila o inulian ng ilang masamang gawi, hindi lamang ng katawan, kundi higit pa ng pag-iisip at pag-aasal na makikita sa padaskul-daskol na paraan ng pagsusuri, kaluwagan sa mga prinsipyo at pagbaluktot sa katotohanan.

Sa ika-10 Plenum, ang dating pinuno ng "SGVC" ay sumang-ayon sa mga

desisyon ng KS at nangakong mangunguna sa pagpuna sa sarili at pagsisimula ng Kilusang Pagwawasto sa Kabisayaan. Tumanggap siya ng mga bagong tungkulin sa sentral na pamunuan. Pero pagkalabas na pagkalabas, sinimulan niya ang iligal na pagpapakalat ng mga internal na dokumento ng Plenum nang walang kunsiderasyon sa seguridad, prestihiyo ni integridad ng KS; gayundin ang pambabaluktot sa mga sirkunstansyang nakapaligid at mga aktwal na pangyayari sa Plenum.

Habang largado na ang pangangampanya niya at ng "SGVC" laban sa ika-10 Plenum, sa KS at sa Kilusang Pagwawasto, hindi man lang niya binawi ang binitiwang niyang mga pagsang-ayon sa mga desisyon ng Plenum, ni pormal na ipinaabot ang kanyang mga puna sa mga iyon, ni inihapag ang pagbibitiw sa mga tungkuling tinanggap niya sa KS -- kahit mayroon siyang lahat ng pagkakataon at magagamit na linya ng komunikasyon. Hanggang sa kanyang sulat sa KTKS na may petsang Oktubre 20, 1992, tinukoy pa niya ang kanyang bagong katungkulan sa sentral na organo at karapatang makonsulta sa mga plano at hakbang ng sentro.

Ang "SGVC" at dating pinuno nito ay lumabas na sa sistema ng demokratikong sentralismo at sa Konstitusyon ng Partido, kumikilos ayon sa sarili nilang paksyunal na pananaw at interes, at nasa unahan ng operasyong demolisyon laban sa Partido.

Kaya dapat linawin sa lahat ng yunit ng Partido, laluna sa Kabisayaan, na ang "SGVC" ay hindi na kumikilos bilang isang lehitimong organo ng Partido. Ang kanilang mga pahayag, mga atas at ginagawa ay nagmumula na lamang sa kanilang paksyunal na pananaw, interes at pagsasarili, at hindi na mula sa linya, Konstitusyon, mga proseso, at mga patakaran at desisyon ng sentral na pamunuan ng Partido.

Ito ay isang grupong paksyunal at anti-Partido at wala nang anumang lehitimong awtoridad o karapatan sa anumang antas ng organisasyon ng Partido sa Kabisayaan.

Dapat itigil ng lahat ng organo, yunit at kasapi ng Partido sa Kabisayaan at sa iba pang lugar ang anumang upisyal na ugnay, transaksyon at pagpapaabot ng mga internal na impormasyon ng Partido sa "SGVC" at sa dating pinuno nito.

Ang anupamang pakikipaglinawan sa kanila ay tuwirang gagawin ng KS, KPKS at KTKS. Ang katayuan nila bilang mga indibidwal na myembro ng Partido ay pagpapasyahan sa mga pakikipaglinawang iyon at batay sa pagsisiyasat sa nakaraan, kasalukuyan at mga bago pang pagkilos nila.

Dapat ding linawin sa lahat na ang VMAC, ayon sa desisyon ng ika-10 Plenum ng KS, ay nilusaw na, kasabay ng paglusaw sa GC. Ang hukbong bayan ay pamumunuan sa pambansang antas ng Komisyong Militar at KS, sa tulong ng pambansang istap militar. Sa tamang panahon sa hinaharap, bubuin ang Pambansang Pamatnugutan sa Operasyon. Hindi pa napapanahon ang pagbubuo ng

mga pamatnugutan sa antas ng teritoryo bagamat maaaring magpanatili ng mga piling istap militar sa naturang antas kung siyang makakamaksimisa ng limitadong pwersa at rekurso. Kung makakaya na, bubuuin ang mga pamatnugutan sa operasyon sa mga rehiyon na tuwirang pamumunuan ng mga komite ng Partido sa rehiyon.

2. Ang Kasalukuyang Internal na Tunggalian sa Linya

2.1. Ang kasalukuyang maigting na tunggalian sa loob ng Partido, ayon sa "SGVC", ay "(p)inasimulan ... ni Armando Liwanag at ng KTKS sa paglalabas ng isang makaisang-panig na dokumentong punung-puno ng maling pamamaratang. Binastos nila ang kolektibong pamumuno ng Komite Sentral."

Bahagi lamang ng unang pangungusap ang totoo at ganap na kasinungalingan ang ikalawa. Kapag inaakalang ang dokumento ng paglalagom na sinulat ni AL -- na inamyendahan at inindorso ng KTKS at sinusugan, ipininal at pinagtibay ng KS -- ang puno at dulo ng kasalukuyang maigting na tunggalian, pinagkakamalan na ang diagnosis ang tunay na sakit. Sa ganitong maling akala, may panlililalang din sa sarili at sa ibang kasama na bago ang paglalagom ng KS, maayos at nasa tamang lugar ang lahat sa ilalim ng kalangitan.

Sa kabilang banda, totoo na may ilang hindi makatanggap na mayroon silang sakit, nagdedeliryo at gustong habulin ng taga ang gumawa ng diagnosis dahil ang akala'y sinisiraang-puri sila. Kaya sumiklab ang tunggalian sa loob ng Partido.

Ang kasalukuyang internal na tunggalian ay nag-umpisa noon pang unang hati ng dekadang 1980 at tumindi kasabay ng unti-unting pagpapatalas, sa pamumuno ni AL at KTKS, ng pagtukoy at pagpuna sa mga malalaking pagkakamali at paglihis. Umabot na ito ngayon sa isang tolong kampanyang anti-Partido pagkatapos pagpasyahan ng ika-10 Plenum ng KS na gawing puspusan ang pagpuna at pagwawaksi sa mga iyon sa pamamagitan ng komprehensibong paglalagom at pagbubunsod ng isang Kilusang Pagwawasto.

2.2. Noong unang hati ng dekadang 1980, ang ibayong pagtindi ng krisis sa pulitika ng reaksyon pagkatapos ng asasinasyon kay Aquino ay nagpalakas din sa loob ng Partido ng mga ilusyon at mga tendensyang mag-asam ng sobra sa kakayahan at antas ng pag-unlad. Mula sa mga usapin sa pagsulong na lumitaw sapul ng 1981, unti-unting lumaki ang mga usapin sa linya at estratehiya at nagsimulang umigting nang nabuo, ipinatupad at itinulak hanggang pambansang antas ang linyang RA-WA ng Komisyon sa Mindanaw, na tahasang lumihis sa estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan. Kalakip doon bagamat may sariling partikular na gulong din ang malalaking usapin sa "regularisasyon", mga taktika sa nagkakaisang prente at kabuuang kondukta ng pakikibaka sa diktadurang US-Marcos.

Sa ika-9 Plenum ng KS at pagkatapos nito, paulit-ulit na lumitaw ang mga pagkakaiba-iba ng mga pananaw at paninindigan, mga tunggalian at mga pagkakamali sa mga usapin sa teorya, prinsipyo at linya: mula sa kabuuang taktika laban sa diktadurang US-Marcos, pangkalahatang programa sa SCO,

kabuuang pananaw at pakikitungo sa rehimeng US-Aquino, at kabuuang pananaw sa lugar ng insureksyon sa digmang bayan; hanggang sa mga partikular na isyu, pakikibaka at patakaran: snap election, pagsusuri sa pag-aalsang Edsa, ceasefire at pag-uusap pangkapayapaan ng 1986 at 1987, pag-igting ng pakikidigmang partisano sa Maynila-Rizal, kampanyang anti-LIC, mga tangkang kudeta, ibayong programa sa "regularisasyon" noong 1988, pakikibaka sa GradCon, tangkang kudeta ng 1989, mga insureksyunistang plano ng 1990, NDF at AIDF, pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen, bagong torno ng mga pag-uusap pangkapayapaan umpisa ng 1990, at iba pa.

Ang mga tunggaliang ito ay malinaw na hindi na lamang tunggalian sa mga usaping hiwa-hiwalay, taktikal o menor, na madaling nareresolba ng higit na pag-aaral, diskusyon at karanasan. Sa halip, ang mga ito ay paulit-ulit at pabalik-balik na mga pagkakaiba at tunggalian tungkol sa mga krusyal na usapin sa teorya, prinsipyo, linya at estratehiya, na hindi nalulutas kahit pagkaraan ng ilang ulit na malinaw na husga ng aktwal na mga karanasan sa malalaking labanan, malalaking pihit ng sitwasyon at malalaking mga kabiguan at pinsala.

Ang mga ito ay mga tunggalian sa linya sa kumpletong pakahulugan niyon, at ngayon ay nilakipan pa ng isang tahasang kampanyang paksyunalista at panghahati. Malaki, esensyal, Maggiit at matagal na (halos isang dekada na) ang mga pagkakaiba at tunggalian sa teorya, linya at mga saligang prinsipyo.

Dala ng kaluwagan sa teorya at mga prinsipyo at malakas na hibo ng eklektisismo sa mga usapin sa estratehiya, lumitaw at lumakas ang tendensyang nagtataguyod at naggigiit ng mga paglihis sa mga linya at mga prinsipyo ng Partido sa ngalan ng "pleksibilidad", "pagkamapanlikha", "pagkamapangahas" at "mas mabilis na pagsulong." Pero dahil din sa nasabing mga kaluwagan at malakas na hibo ng eklektisismo, ang mga usapin at tunggalian sa linya ay hindi maagap at malinaw na nakilala, hindi wastong nasuri at nahawakan, matagal na hindi naresolba, at napabayaang magnaknak at mas lumala sa pagdaan ng mga taon.

May kabulagsakan maging sa pagtatasa at paglalagom ng mga karanasan, bagay na nakadagdag ng malaki sa pagpapatuloy, paglaganap at paglala ng mga disoryentasyon. Bago ang ika-10 Plenum, naging kalat-kalat, putul-putol, pabagu-bago at hindi malinaw ang pananaw sa kabuuang pagtakbo ng rebolusyon na dumaan na sa ilang malaking pagpihit ng obhetibong kalagayan at sa ilang masaklaw na pagbabago sa latag, diin at direksyon ng mga gawain. Maraming malalaking pakikibaka na matagal na hindi naipirmi ang wasto at nagkakaisang ebalwasyon ng Partido.

Ang resulta ay kumbinasyon ng tama at maling linya sa loob ng Partido, pangunahin sa balangkas ng programa sa SCO. Nagpatuloy ang pagpupursigi sa rebolusyonaryong pakikibaka, ang pagsisikap na isulong ang mga gawain sa iba't ibang saklaw at larangan ng gawain, at pagtataguyod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan. Kaalinsabay, ang pagpapatuloy, paglaganap

at paglala ng mga paglihis, kalituhan at ilusyon; ang papalaking kabiguang makabuo ng maagap, wasto at malinaw na mga tindig at desisyon sa mahahalagang usapin at pakikibaka; at ang tumataas na tambak ng mga usaping nakabitin, mga kongklusyong probisyunal at mga pananaw na alanganin. Sa pakikibakang pampulitika, may papalaking problema sa pagkawala ng momentum at inisyatiba, paulit-ulit na miskalkulasyon, lumalaking mga bulnerabilidad at disbalanse, at mga pinsala. Bandang huli, matatauhan ang sentral na pamunuan dahil sa nagdudumilat nang laki ng mga pinsala.

Noong 1989 at 1990, kasabay ng malaking pag-igting ng labanan ng rebolusyon at kontra-rebolusyon sa loob at labas ng bansa, ibayong umigting din ang mga tunggalian sa linya sa loob ng Partido. Ang sentral na pamunuan ay nagising sa lawak at laki ng mga problema, nagsimulang gumawa ng mga pag-aangkop hanggang sa lubos na isantabi ang programa sa SCO, at unti-unting tinukoy at pinuna ang mga pagkakamali at paglihis at ang mga ugat ng mga iyon. Bagamat mahusay na tumugon ang mga rehiyon sa mga pagbabago at pag-aangkop, tumindi sa pambansang antas ang tunggalian tungkol sa usapin ng disbalanse, kawastuhan ng programang "regularisasyon" at pananaw sa kabuuang lugar ng kumpanya at batalyon.

Samantala, bunga ng muling pagtindi ng krisis pampulitika ng reaksiyon, lumakas muli ang mga insureksyunistang panaginip hanggang nabuo at ipinatupad nang lingid sa kaalaman ng sentral na pamunuan ang mga plano hindi lamang sa kilusang masa, kundi maging sa nagkakaisang prente at mga gawaing militar sa Maynila-Rizal.

Pumatong at nakadagdag pa sa mga usapin ang magkakasalungat na pagtingin sa naganap na pagbagsak ng mga rebisyunistang rehimen sa Silangang Europa, na hahantong sa lantad na pagdadalawang-isip sa Marxismo-Leninismo ng sentral na pahayagan ng Partido.

Sa mga taong ito, naging mas lantad ang pagtuligsa sa mga prinsipyo, linya at estratehiya ng Partido, gayundin ang mga intriga at ang mga paglapastangan sa mga proseso at tuntunin sa organisasyon ng Partido. Ang mga problema ay umabot na sa tahasang paglapastangan at pagsira sa integridad ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

Sa ganitong sitwasyon lumabas ang una at ikalawang burador ng "Muling Pagtibayin", at hindi nagtagal, ang pinal na dokumentong inaprubahan ng KS, kasama ang desisyon sa Kilusang Pagwawasto. Sa unang pagkakataon sa matagal na panahon, malinaw, tahasan at mahigpit na pinanindigan ang mga saligang prinsipyo ng Partido at higit pa, ang mga iyon ay mulat at puspusang ginamit na patnubay at instrumento upang suriin, timbangin at linawin ang mga malaking usapin at tunggalian, ang nakaraang rebolusyonaryong praktika. Sa unang pagkakataon sa marami nang taon, natumbok ang mga tunay na pangunahing problema at ang mga ugat ng mga iyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon; naging buo at malinaw ang pagtingin sa nakaraang praktika; at lalong lumalim at yumaman ang mismong pag-unawa natin sa linya at mga saligang prinsipyo ng Partido.

Sa kabilang banda, naging todo rin ang paglaban ng mga elementong humahadlang at lumalaban sa Kilusang Pagwawasto. Isang todong kampanya ng paksyunalismo at panghahati ang kanilang itinutulak ngayon. Ang mga ultrademokratiko at anti-Partidong aktibidad na malala na, humaharang at sumasabotahe na sa paggana ng sentral na pamunuan noon pa mang 1990 at 1991 ay lalo nilang pinag-ibayo, itinutok sa tahasan nang pangwawasak at panghahati sa Partido, sa pagnanasang pigilan at biguin ang Kilusang Pagwawasto.

Ang mga paksyunalista at manghahati, dala ng iba-ibang dahilan, ay ayaw tumanggap sa matalas na pagpuna at pagtukoy sa kanilang mga pagkakamali, at naggigiit na dapat panatilihin ang dating haluan ng mali at tama at ng sari-saring linya at estratehiya, kung hindi man tahasang babaguhin ang linya at estratehiya ng Partido. Iba't ibang palusot at paraan -- pagtilad-tilad sa nakaraan, pagtatambak at paghalu-halo ng mga usaping malaki at maliit, importante at menor, balikong pangangatwiran, hanggang sa tahasang pagsisinungaling at pagbaluktot sa rebolusyonaryong teorya -- ang kanilang ginagamit upang palabuin at tabunan ang tunay na krusyal na mga usapin at pagkakamali at ang mga ugat ng mga iyon.

Pagkaraan ng matagal na kaluwagan at kapabayaang sa paglalapat ng mga prinsipyo at linya ng Partido sa praktika, bulagsak na pagpapatse-patse ng mga estratehiyang kung saan-saan pinupulot, at tuloy, paulit-ulit na pagkakabulid sa mga pagkakamali at miskalkulasyon, buong aroganteng idinedeklara nilang hindi na akma sa realidad o nalaos na ang mga prinsipyo at linya ng Partido, kaya dapat palitan o di kaya'y "pinuhin" at "paunlarin." Ang pagtataguyod ng Partido sa mga saligang prinsipyo ay kinakantyan nilang pundamentalismo; tinatanggihan nila ang pagpapaunlad sa linya at mga prinsipyo, na nagpapatibay sa halip na dumidistrunka sa mga ito.

Ang paggigiit ng Partido na ipatupad ang mga konstitusyunal na pamantayan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon para sa lahat ng kasapi ay binabansagan nilang panunupil at awtoritaryanismo. Sa tagal ng panahong walang paglalagom at malalim na pagpuna at pagpuna sa sarili, kinapitan sila ng arogansya at sobrang pagmamahal sa sarili: Ang matalas pero matapat na pagpuna sa malalaking pagkakamali at paglihis ay inaakala o pinalilitaw nila na simpleng paninisi, pagkainggit at pamumukol ng putik. Kaya sa kanilang mga papel nagpapakasawa sila sa pagganti ng putik sa akala nila'y putik na humahagip sa kanila.

Sa mga paksyunalista at manghahati, mayroong masugid na tagahanga ni Gorbachov gaya ng dating editor ng AB na ang itinutulak ay pagwasak sa Partido at ganap na pagdistrunka sa ideolohiya, linyang pampulitika, estratehiya at mga prinsipyo ng Partido. Mayroon ding tulad ng "KRMR" na ang interes ay igiit ang kanilang insureksyunismo at magtayo ng nagsasariling kaharian. Naririyang ang "SGVC" at mga dating kagawad ng GC na nagtutulak ng patuloy na "regularisasyon," pagtatampisaw sa insureksyunismo at pagbabase syudad.

Gayunman, mayroong mga kadre at kasapi ng Partido na nahihila, naiimpluwensyahan at nalililang ng mga paksyunalista at manghahati, ng kanilang mga tsismis at intriga, kasinungalingan at disimpormasyon, at kanilang mga paepektong bandwagon. Sa matagal na panahong napabayaang edukasyon sa teorya, hindi napaunlad ang kamulatan sa integrasyon ng rebolusyonaryong teorya at rebolusyonaryong praktika, at umiral ang mga disoryentasyon sa mga saligang prinsipyo, hindi katakatakang maging bulnerable ang maraming kadre at kasapi sa mga buladas ng mga paksyunalista at manghahati.

2.3. Pinakamahalagang tungkulin ngayon ng Partido ang pagkokonsolida ng sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon habang patuloy na isinusulong ang mga pakikibaka. Kailangang puspusang iwaksi ang mga pagkakamali at paglihis, at gapiin ang mga pambabaluktot at pananabotahe ng mga elementong humahadlang sa Kilusang Pagwawasto.

Hindi lubos na makakaahon ang Partido sa malalaking pinsala at problema at hindi maaaring matatag at tuluy-tuloy na makasulong ang rebolusyon kung ang Partido mismo ay nalilito o bulagsak sa linya, estratehiya at mga saligang prinsipyo nito. Ito ay usapin sa siyensya ng rebolusyon at lampas sa usapin ng kagandahan ng intensyon para sa rebolusyon at sa masa.

Tulad ng iba pang paksyunalista at manghahati (hindi kasali dito ang mga Gorbachovista), ang "SGVC" ay nagpapabalat-bunga sa linya, estratehiya at mga saligang prinsipyo ng Partido. Gayunman, kanilang idinidiin na wala silang nakikitang paglihis sa linya at mga saligang prinsipyo dahil daw "(w)alang sinuman sa malaking karamihan ng mga kadre at kasapi ng Partido ang maglalayon, ni mag-isip (sic), na bumitiw sa mga saligang prinsipyo na malaon nang gumagabay sa ating rebolusyonaryong praktika."

Wala silang nakikitang problema dahil, sa halip na mahigpit na gamiting patnubay sa buhay na praktika, tinatrato nilang mga "patay na titik" ang mga saligang prinsipyo, habang ang kanilang aktwal na praktika ay tangay-tangay ng awit-sirena ng "pagkamapanlikha," "pleksibilidad," "pagpipino," "talas sa taktika" at "pagsunggab sa mga oportunidad." Hindi nila nauunawaan ang sinabi ni Lenin na hindi tunay na pleksibilidad, kundi simpleng kawalang-gulugod, ang pleksibilidad na hindi ginagabayan ng mga prinsipyo. At sa gayon, hindi talas sa taktika, kundi pangangapa at pagpapabaling-baling ayon sa daloy ng mga pangyayari, ang taktikang hindi matibay na nakaangkla sa wastong estratehiya.

Walang mararating ang partidong bulagsak at pabaya sa estratehiya at saligang prinsipyo. Wawaldas nito ang anumang pwersang hawak nito at aakayin lamang ito sa ilong ng maliit at malaking burgesya.

Dapat iwaksi ang mga pagkakamali at paglihis at, kaalinsabay, muling pagtibayin ang mga saligang prinsipyo ng Partido. Gayunman, ang kailangan ay hindi simpleng panunumpa uli sa mga saligang dokumento ng Partido. Higit sa anupaman, ang muling pagpapatibay ay nangangahulugan ng mulat na pagsapol sa mga saligang prinsipyo ng Partido at mahigpit na paggamit ng

mga ito bilang gabay at sandata sa praktika. Sa kasalukuyang sitwasyon, ang muling pagpapatibay ay dapat gawin at maaaring magawa lamang sa pamamagitan ng muling pagpapatibay sa mas mataas na antas: ang paggamit sa mga saligang prinsipyo upang matalas at wastong linawin ang mas masasalimuot na usaping inianak ng pagsulong ng rebolusyonaryong praktika.

Ang reaksyunaryong kaaway ay lumulukso sa tuwa sa nagaganap na internal na tunggalian at paksyunalismo sa Partido. Maraming kasama ang nanlulumo sa nagaganap.

Kami rin ay hindi natutuwa sa mga problemang nililikha ng mga paksyunalista at manghahati. Pero mas mabuti nang humarap sa ganitong mga problema kung ito ang kinakailangan para puspusang matukoy, mapuna at maiwaksi ng Partido ang mga malulubhang pagkakamali at paglihis. Hindi dapat manghinayang sa nasirang "kapayapaan" sa loob ng Partido kung ang katumbas ng patuloy na "kapayapaan" ay ang pagpapatuloy din ng hindi maintindihan at hindi mapigil na pagkaupos ng lakas at integridad ng Partido at rebolusyon.

Ang KS ay hindi nagsasara ng isip o pinto sa mga kasama na may ibang palagay at pananaw na itinataguyod ang mga iyon sa loob ng mga proseso at tuntunin ng Partido. Handa ang Partido na makinig at makipagdebate sa malaya at demokratikong paraan. Gayunman, igigiit ng Partido ang kanyang integridad sa organisasyon, gayundin sa ideolohiya at pulitika; matatag itong maninindigan sa tama at makikitunggali sa mga pagkakamali at paglihis.

Ang kinabukasan ng Partido at rebolusyon ay nasa kamay ng mga kadre, kasapi at yunit ng Partido na matatag na naninindigan sa mga saligang prinsipyo ng Partido; bukas ang isip, matapat at kritikal na tumitingin sa praktika nila at ng buong Partido; at handang mangalaga sa integridad ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa iba't ibang rehiyon at organisasyon ng Partido, nag-uumpisa na ang Kilusang Pagwawasto, ang mga pag-aaral sa paglalagom at iba pang mga pasya ng ika-10 Plenum ng KS, ang mga partikular na mga paglalagom at pagtatasa, ang mga pagpuna at pagpuna sa sarili, at ang pagpapanibagong-lakas ng edukasyong teoretikal. Malinaw ang matunog na mensahe ng mga ulat mula sa mga rehiyon: Dahil sa paglalagom ng KS at Kilusang Pagwawasto, ang mga kasapi at organisasyon ng Partido ay nakakakita ng liwanag, bagong-sigla, bagong determinasyon at ibayong tiwala sa Partido at rebolusyon. Sa praktika muling napatutunayan na ang malaking mayorya ng ating mga kadre at kasapi ay matapat, sinsero at matuwid.

Katapatan, sinseridad at pagiging kritikal sa sarili ang nakikita naming diwa sa sumusunod na bahagi ng sulat ng KRCV (Central Visayas) sa Viscom bilang tugon sa pananawagan ng "SGVC" ng pagsalungat sa paglalagom ng KS:

"...sa aming pag-aaral ng "Reaffirm..." (kabilang ang mga sulat ni Tales/Barry), napagtanto naming matingkad ang positibo sa

nilalaman at porma nito. Wika nga ng marami'y "nakatungtong sa lupa." Sang-ayon din kami sa kritikal na pag-iiksamen sa sarili ng buong Partido.

"Sa saklaw ng CV, naniniwala kaming mahigpit na nakaugnay ang "Reaffirm..." sa naging praktika ng mga kasama laluna sa nakaraang limang taon. Mula sa KR, intermedyang organo, mga seksyon sa teritoryo, at sa mga sangay ng Partido sa hukbong bayan ay pawang naliwanagan at natuwa. Kagyat na nadama ng KT-KR ang pagtaas ng moral at determinasyon ng mga kasama bunga ng paglililinaw ng iba't ibang usapin."

3. Ang Paglalagom ng KS at ang Pagbatikos Dito ng "SGVC"

3.1. Batay sa kanilang mga kakatwang konsepto ng "tamang paglalagom" at pambabaluktot sa mga tunay na sirkunstansya ng paglalagom ng KS, ang "SGVC", gaya ng iba pang paksyunalista at manghahati, ay nag-aakusa na "makaisang-panig" at hindi ayon sa proseso ang paglalagom ng KS.

Ang "Muling Pagtibayin" ay isang tumpak, makatotohanan at buong presentasyon, bagamat sadyang hindi kumpleto at ditalyadong salaysay, ng rebolusyonaryong praktika ng Partido sa nakaraang mahigit isang dekada. Mahigpit na nasasapol nito ang mga pangunahing usaping krusyal sa naging kabuuang pagsulong at pag-atras ng Partido at rebolusyon sa kasalukuyang yugto ng pag-unlad at sa umiiral na mga sirkunstansyang istorikal. Dahil sumasaklaw sa rebolusyonaryong pakikibaka sa mahigit isang dekada, na dumaan sa mga malaking pagbabago sa sitwasyong pampulitika, at tumagos sa mga malawak at makabuluhang pag-iiba sa kalagayan, kakayahan, latag at galaw ng mga rebolusyonaryong pwersa, ang dokumento ng paglalagom ng KS ay natural na ipresenta sa isang mataas-taas na antas ng abstraksyon at sumentro sa mga usapin sa estratehikong pamumuno, sa mga saligang prinsipyo at sa mga pangyayaring pangkabuuan ang epekto.

Mula't sapul ang intensyon sa dokumento ng paglalagom ay hindi gumawa ng libro ng kasaysayan na kumpleto at masinsing papasada sa mga nakaraang pangyayari. Ang layunin ay isang dokumentong makagagabay sa rebolusyonaryong praktika sa kasalukuyang yugto ng pag-unlad, magsusuri at maglililinaw sa mga pangunahing usapin at pangyayaring krusyal sa kabuuang pagsulong ng rebolusyon, at sa gayon, uunawa sa nakaraan sa sintesido pero buo at di hamak na mas malalim na paraan kaysa sa isang lista ng mga usapin at pangyayari, ng mga positibo at negatibo sa iba't ibang saklaw at linya ng gawain, gaanuman kahaba at kapuspusan.

Gayunman, laluna sa tagal ng panahong walang komprehensibong paglalagom at sa dami ng usapin at pangyayari sa nakaraan na wala pang malinaw at pirming ebalwasyon, kinikilala ang halaga ng isang kabuuang balik-aral, kahit balangkas lamang ng mga pinakamahalagang pangyayari at usapin, para sa mas malinaw na pag-alam at nagkakaisang pagtanaw ng Partido sa nakaraang praktika. Kaya sa pinal na dokumento ng paglalagom, sadyang pinalawig pa ang diskusyon sa mga pagbabagong dinaanan ng mga programa at

mga pangunahing konsepto at patakaran. Higit pa, inilabas bilang isa pang dokumento ng paglalagom ng KS ang "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral sa Mahahalagang Pangyayari at Pasya, (1980 Hanggang 1991)."

Isang elementaryang bagay na tila hindi naiintindihan ng "SGVC", na ang proseso at pamamaraan ng pag-usisa at pagsusuri sa isang usapin ay iba sa porma at pamamaraan ng presentasyon ng mga resulta ng pag-uusisa. Kamusmusang asahan o hanapin lagi sa yaring produkto, sa nakasulat na presentasyon ng mga usapin at kongklusyon, ang aktwal na dinaanang paraan o proseso ng pag-usisa at pagsusuri -- laluna kapag ang paksa o entidad o prosesong sinuri ay masaklaw at kumplikado. At mas malaki pang kahangalang akalain na kapag hindi tinatalakay sa pinal na presentasyon ang ganoon at ganitong bagay, aspeto o anggulo, ibig sabihi'y hindi nasaklaw ang mga iyon sa proseso ng pagsusuri.

Sinasambit-sambit ng "SGVC" ang pangangailangan ng lahatang-panig na pagsusuri, at nagtatambak sila ng sari-saring impormasyon, pangyayari, anggulo, usapin, wari'y para maging lahatang-panig ang pagsusuri. Pero ang gusto nila ay ibalaho ang paglalagom sa inspeksyon ng paisa-isang punongkahoy habang kinakalimutan ang buong gubat. Hindi ang malinaw na pag-unawa sa esensya ng mga bagay ang kanilang hinahabol, kundi ang paggulo sa pag-iisip at pagpapalabo sa pagsusuri ng Partido sa pamamagitan ng paglunod dito sa salasalabat at halu-halong ditalyeng malaki at maliit, importante at menor, pangunahin at sekundaryo, totoo at hindi. Tingnan kung paano sila gumawa ng "lahatang-panig na pagsusuri" sa kanilang mga papel at makikitang ang tunay na layunin ay hilahin ang Partido sa kumunoy ng sala-salabid na pagsusuri, maburak na pag-unawa, at tiwarik na paghuhusga.

Binabanggit nila ang Marxistang teorya ng kaalaman, pero hindi nila nasasapol ang kaibahan at superyoridad ng kaalamang rasyunal sa kaalamang perseptuwal at kung paano makaaangat mula sa una patungo sa ikalawa. Makaisang-panig at mekanikal ang pag-unawa ng "SGVC" sa "concrete analysis of concrete conditions" at "seeking truth from facts": Idinidiin nila ang "concrete conditions" at "facts" pero hindi nila pinag-iisipan ang ibig sabihin ng "concrete analysis" at "seeking truth," na siyang mga aktibong elemento at tunay na pokus ng mga pariralang napulot sa libro. Pabalik-balik sila sa pagdidiin sa pinakapanimulang antas ng persepsyon: ang pagmamasid at pagpansin sa mga bagay at pangyayari sa paligid -- na sa kanilang paglalahad ay tila prosesong walang ipinagkaiba sa pabalik-balik na pag-imbento sa gulong.

Hindi sila interesado at hindi nila naiintindihan kung paanong umabante sa mas mataas na antas ng pagkilatis (pagsusuri) sa mga bagay at laluna sa pagbubuo ng pag-unawang makagagabay sa pagbabago ng paligid at ng sarili. Siyempre pa, sa mas mataas na antas ng kaalaman, sa antas ng pagkilatis sa mga bagay at pagbubuo ng tunay na kaalamang rasyunal na hinahango sa rebolusyonaryong praktika sa mahigit isang dekadang hitik sa malalaking pakikibaka -- esenyal, bukod sa mayamang datos sa kilusang praktikal, ang

malalim na pagsapol sa rebolusyonaryong teorya, gayundin sa kasaysayan. Dahil hindi nauunawaan ito ng "SGVC", hindi nila nauunawaan kung paano narating ang paglalagom na ginawa ng KS at ang halaga ng ambag ni AL dito.

3.2. Sa pagtalakay sa "tamang paglalagom," pinaghahalo ng "SGVC" ang dalawang magkaibang proseso: una, ang paglalagom bilang isang proseso ng siyentipikong pag-aaral at, ikalawa, ang proseso ng organisasyon sa paglalagom. Para sa "SGVC", dapat gawing kolektibo ang bawat hakbang ng paglalagom at kung hindi, "sadyang nakakaduda at nakakatakot" daw ang magiging nilalaman at resulta ng paglalagom.

Hindi eksakto ang paglalarawan ng "SGVC" sa proseso ng kolektibong paglalagom na nakagawian sa loob ng Partido. Sa katunayan, sa bawat yugto ng paglalagom, may interaksyon sa pagitan ng burador o pagsisistematisa ng mga datos at ideya na gawa ng mga indibidwal at ng kolektibong diskusyon at pagtitibay. At dapat din, sa bawat yugto, kahit sa pinakaumpisa, palaging may mahigpit na interaksyon ng teorya at mga datos ng kongkretong praktika.

Ang paglalagom ng KS ay dumaan sa gayong proseso. Sa "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral" makikita na ang mga pangunahing usapin sa nakaraan ay matagal nang pinag-uusapan at pinagtatalunan sa loob ng Partido at paulit-ulit na nasubok sa praktika. Nasangkot sa mga iyon ang mga kagawad ng KS at iba pang namumunong organo at kadre, kabilang si AL, bagamat iba-iba ang lawak, lalim, at naging kamalayan. Laluna mula 1988 may nag-umpisa nang proseso ng masaklaw na pagrepaso sa nakaraang praktika, bagama't walang tatak ng paglalagom at hindi agad nakakonsentra doon. Noong bandang dulo ng 1990 sinimulan na ni AL ang mas masusing pagpasada sa mga dokumentong nasa pangangalaga ng sentral na pamunuan (mga paglalagom, pagtatasa, ulat, katitikan ng mga pulong, mga panlipunang pagsisiyasat, resulta ng mga konsultasyon, sari-saring burador, at iba pa), ang paghahanay ng mga positibo at negatibong aspeto ng nakaraang praktika, at ang pagtukoy sa mga pinakaimportanteng usapin. At noong 1991 pana-panahong nag-ulat na siya sa KTKS tungkol sa takbo at resulta ng kanyang pag-aaral; nabasa ng dating pinuno ng "SGVC", gayundin ng ibang kagawad ng KS, ang mga sulat-ulat na iyon. Pagkaraang magawa ang unang burador, pinasadahan, sinusugan at inindorso iyon ng pinalaking pulong ng KTKS para sa pagtalakay at pagpapasya ng KS.

Ang iligal na pagkalat ng mga burador ay hindi gawa ni AL o ng KTKS; iyon ay kagagawan, una, ng mga ultrademokratikong elemento na nakakuha ng kopya nang konsultahin sila ni AL tungkol sa burador at nagpamudmod niyon sa mga ligal na upisina kasabay ng paglikha ng isterya laban doon, at, ikalawa, ng kaaway na nakakumpiska ng kopya mula sa isang nadakip noong maagang bahagi ng 1992. Pagkaraang kumalat ang mga burador kung saan-saan, hiningi ni AL na upisyal na ilabas ang dokumento para makarating ang kopya sa mga kinauukulang yunit at kadre. Pero noon naman ay papatapos na ang diskusyon ng ika-10 Plenum sa paglalagom.

Sa anu't anuman, kahinaan ng isip ang akalain na ang paglalagom na ginagawa ng kolektibo sa bawat yugto ang tanging wasto o di kaya'y

pinakamahusay na paraan para garantisadong maging obhetibo, kongkreto, lahatang-panig at tumpak ang paglalagom. Ang proseso ng kolektibong pagtalakay, pangunahin, ay proseso para sa pagbubuklod ng kolektibong pag-unawa at pagpapasya ng Partido sa paglalagom at mga kongklusyon nito. Ito ang tumitiyak na ang dokumento ng paglalagom, ang mga pagsusuri at kongklusyon nito, ay siya nang upisyal na pananaw at paninindigan ng Partido at may nagkakaisang pag-unawa sa nilalaman nito.

Naiiba dito bagamat kunektadong usapin ang katumpakan ng paglalagom. Sa katumpakan, ang mapagpasya na ay ang pagtalima sa mga siyentipikong pamamaraan, tuntunin at pamantayan ng pagsusuri at pag-aaral; isang panlabas na kundisyon na lamang ang kolektibong proseso. Basta't ginawa sa siyentipikong paraan, kayang marating kahit ng isang indibidwal ang pagsusuring tama at maaasahan, at lubhang maraming patunay nito na pwedeng banggitin mula sa kasaysayan ng daigdig at maging sa ating rebolusyon.

3.3. Ang mga papel ng "SGVC" laban sa paglalagom ng KS at sa Kilusang Pagwawasto ay umaapaw sa palsipikadong impormasyon, bali-balikong pagsusuri, butas-butas na pangangatwiran at palyadong paghuhusga. Ang kanilang pangunahing papel, laluna, ay walang iniwan sa sinulid na humulagpos sa pagkakaikid, nagkabuhul-buhol, at hindi mawawaan ang puno at dulo. Ang nagtatagni-tagni lamang sa mga langong inuusal nito ay ang postura ng di makontrol na poot kay AL, sa KTKS at sa Kilusang Pagwawasto, ang obsesyon sa batalyon at kumpanya, at ang pagnanais na maikaila ang mga punang pwedeng tumama sa kanila.

Madaya ang presentasyon at pagtangan ng "SGVC" sa karamihan ng mga usapin. Ang lumulutang na intensyon ay hindi ang magbigay ng liwanag, magangat ng pag-unawa ni matinong makipagtagisan ng ideya gaya ng ipinapangako ng sinipi kay Mao sa bungad ng papel, kundi ang manlito, magpalabo, mangumbinsi sa pamamagitan ng emosyon, at magpaalab ng walang matwid na galit laban kay AL, sa KTKS at sa Kilusang Pagwawasto. Makapuntos lang sa katunggali, hindi na baleng lokohin ang ibang kasama at sarili at pagbuhul-buhulin ang mga usapin at mga pangyayari.

Ilang namumukod na halimbawa ang mga susmusunod:

* Nagpaparatang ang "SGVC" kay AL at sa KTKS ng krimen ng pagmamaniobra laban sa Partido dahil sa paglaganap ng burador na sinulat ng una at sinusugan at inindorso ng ikalawa, gayong ang naganap na paglaganap ay hindi gawa ni AL o ng KTKS.

Higit pa, itinatanggi o iniwasan ng "SGVC" ang katotohanan na ang paglalagom ay tinalakay at paingtibay na ng KS. Ayaw kumpletuhin ng "SGVC" ang presentasyon ng datos dahil kapag ginawa iyon, kusang guguhho ang kasong nilulubid nila. Ikinakalat pa ng "SGVC" sa sulat nila ng Oktubre 30 ang kasinungalingan na tumutol daw sa "Muling Pagtibayin" ang mayorya sa ika-10 Plenum.

* Ang ikalawang burador ng "Muling Pagtibayin" ang pinagbatayan ng kontra-pusisyon ng "SGVC" kahit alam ng dating pinuno ng "SGVC" na may mga mahalagang susog at dagdag na paglililinaw doon ang ika-10 Plenum. Hindi sana malaking bagay ito kung matapat at masusi lamang ang pagbasa sa dokumento. Pero may mga partikular na bahagi ng nasabing burador (laluna ang pangungusap na nanghahamak daw sa hukbong bayan) na sadyang inalis ng Plenum upang makaiwas sa di sinasadyang maling pagbasa, at higit pa sa sinasadya at malisyosong pambabaluktot. Gayunman, hindi napigilan ang "SGVC" na patampukin, baluktutin at pagbuhusan ng himutok ang isa sa mga naturang pangungusap na tinanggal na.

* Mula 1989 hanggang ika-10 Plenum at maging sa "Muling Pagtibayin," alam ng "SGVC" na may pormasyong kumpanya na pananatilihin sa antas ng rehiyon at malalaking larangang gerilya, kung ipinahihintulot ng kabuuang lakas, latag at wastong balanse ng disposisyon ng pwersa at mga gawain, alinsunod sa patakaran ng pagbibigay-diin sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya at pagpapalakas ng mga pwersang horisontal. Pero pinalilitaw ng "SGVC" na ang pinaiiral na patakaran ay pagbuwag ng mga kumpanya sa lahat ng antas at batay dito, naghahapag sila ng paratang ng "egalitarianismong militar," terminong pinulot kay Mao pero hindi inintindi ang pagkakagamit at konteksto niyon. * Nagtatalakay at pumupusisyon ang "SGVC" sa mga usapin at pangyayari sa pambansang antas, pero sa maraming pagkakataon, nagkakasya sila sa pinakamababaw at parsyal na presentasyon ng kasaysayan o kalagayan sa Kabisayaan bilang batayan ng paninindigan. Ilang beses na ang pangangatwiran ng "SGVC" ay ganito: Walang ganyan sa amin, kaya hindi totoo iyan.

* Upang palitawing walang naging problema ang Kabisayaan sa disbalanse ng mga malaking pormasyon at mga pwersa sa mga lokalidad, ginagamit ang datos ng disposisyon ng pwersa sa kasalukuyan pero hindi nilililinaw na dumaan na ito ng mga pang-aangkop mula 1989. Pero kahit sa mga datos ng kasalukuyan, kitang-kita pa rin ang disbalanse. Dapat ding tanungin ng mga kasama sa Kabisayaan kung bakit gayong kairesponsableng ikinakalat ng "SGVC" (halos isinusubo na sa kaaway) ang mga sikretong datos tungkol sa pwersa at gawain, kabilang na ang mga identidad at iba pang mga sikretong impormasyon tungkol sa sentral na pamunuan ng Partido.

* Isang masamang bisyo ng mga papel ng "SGVC" ang pahapyaw, tabingi at malisyosong pagbasa sa sinasabi ng "Muling Pagtibayin" at ang "pagdurog" sa dokumento ng paglalagom batay doon. Isang malinaw na palatandaan ito na hindi ang paglililinaw sa tunay na mga usapin ni ang makaprinsipyong pakikitunggali ang tunay na interes, kundi ang simpleng makatira sa kalaban, sa paraang malinis man o marumi.

* Ang pangunahing papel ng "SGVC" ay sagana sa palamuting mga pangungusap na sinipi kay Mao. Pero wala namang pagsisikap na tunay na isanib ang mga iyon para maging integral na bahagi ng papel sa lohika at sa konsepto. Sapat na sa "SGVC" ang pinakakarampot na pagkakapareho o kuneksyon sa salita o paksa, para iwasiwas ang isang pangungusap ni Mao. Ang mga sipi kay Mao, sa halip na gamitin upang mapalalim at mapalawak ang pagsusuri at pagtalakay, ay nagsisilbi lamang na mga panlabas na dekorasyong itinatapal

kung saan-saan para sindakin ng "teorya" ang mga madaling gulatin.

4. Mga Malalang Pagkakamali at Paglihis

4.1. Salungat sa napakarami nang datos, ipinipilit ng "SGVC" na ang wala sa panahon at di masusustining "regularisasyon" ay wasto at siyang kinakailangan para sumulong ang digmang bayan. Sa kabila ng mahigpit na pagpuna ng KPKS at KS sa programa sa SCO, ignigiit ng "SGVC" na iyon ay "tugma ... sa kalagayan ng napakatinding krisis noon sa buong lipunan." Ang mabilisang pagbubuo ng mga kumpanya na kakumbina ng paghahabol sa insureksyong lunsod sa Mindanaw, anila, ay hindi paglihis sa linya ng digmang bayan kundi pangunguna sa pagsulong sa mas mataas na antas.

Mula 1988, ang organisasyon ng hukbo sa Kabisayaan ang naging pinakabertikalizado sa buong bansa. Pero sinasabi ngayon ng "SGVC" na wala silang malaking problema sa nakaraan o sa kasalukuyan sa wastong pagbabalanse ng gawaing militar at gawaing masa, ng mga pangunahing pormasyong militar at mga pwersa sa mga lokalidad. Iginigiit nila na ang pagkokonsentra ng mataas na porsyento ng tauhan at riple sa batalyon at mga kumpanya at ang pagbubuo at pagpapalakas ng kumand at istap sa antas ng Kabisayaan at rehiyon, ay akma sa kakayahan at kinakailangan sa patuloy na pagsulong ng digma. Tinutuligsa nila ang mga pagpuna at pagwawastong pinagpasyahan ng KS, dahil paatrasin daw ng mga ito ang armadong pakikibaka at ilalagay ang mga larangang gerilya sa peligro.

Pero ang praktika na mismo ang pinakamalaking katunggali ng "SGVC". Napakarami nang pruweba, kahit sa Kabisayaan, na wala sa panahon ang ating ipinatupad na maramihang pagbubuo ng mga kumpanya, ang pagtatayo ng pormasyong batalyon laluna, ang obsesyon sa tuluy-tuloy na pagpapaigting ng mga aksyong militar at ang labis na diin sa kakayahang panlipol, koordinasyon at kalidad sa militar. Ang pinakamalaking pruweba nito ay ang mga problema sa pagsusustini sa inabot na antas ng sapilitang "regularisasyon" at ang mga pinsala at pagkapilipit ng mga gawain na ibinubunga ng mga ito. Hindi sa kalendaryo sinusukat kung kailan maaga o hinog sa panahon ang naganap na pagtataas ng antas.

[Hindi uubrang maliitin ng "SGVC" ang puna sa "regularisasyon" at pagtataas ng antas ng digma sa pamamagitan ng pagdidiin na ang mga ito ay sa balangkas ng mga pwersa at pakikidigmang gerilya. Malinaw sa KS na hindi pa tunay na regular na hukbo ang pinag-uusapan kaya nakapaloob sa mga panipi ang termino. Pero kahit pa, wala pa rin sa panahon ang ipinatupad na antas at dami ng relatibong malalaking pormasyon, at ang hinabol na antas ng pagpapaunlad ng koordinasyon at sentralisasyon ng kumand sa mas matataas na antas. Kaalinsabay, may mga lumaganap na pananaw, konsepto at gawi na salungat sa kalikasan ng hukbong bayan at digmang bayan.]

Gaanuman katigas ang pagtanggì ng "SGVC" sa pagbuwag sa batalyon ng Samar, hindi mapigil ang "pagbuwag" dito ng nagpapatung-patong na mga

problema sa rekrutment at lohistika, gayundin ng hinihingi ng mas mahalagang mga tungkulin sa pag-aayos ng baseng masa at pagpapalakas ng mga pwersang horisontal. Noon pang 1989 matingkad na problema na ang rekrutment sa batalyon; 50% lamang ng nawawala ang napapalitan ng mga bagong rekrut. Noong unang kwarto ng 1990, nilusaw ang kumpanyang Charlie dahil sa kakulangan ng upisyal at tauhan. [Hindi para pagbigyan ang desisyon ng sentro, gaya ng pinalilitaw ngayon ng papel na pirmado ng VMAC. Una sa lahat, wala namang desisyon ang KPKS noong 1989 na buwagin ang batalyon.]

Pagdating ng 1991 ang batalyon ay mayroong 2 kumpanya at isang weapons platoon, at ang kabuuang tauhan nito ay 204 na lamang. Ayon pa sa ulat ng dating punong kumander ng hukbo sa Silangang Kabisayaan sa Kumperensya sa Gawaing Pampulitika noong 1991, rekrutment na ang pangunahing problema ng batalyon at kung magpapatuloy ang problema, sa tingin niya ay kusang mabubuwag ang batalyon. Sa pinakahuling ulat na natanggap mula sa Samar, ang batalyon ay itinalaga ng Komiteng Rehiyon sa mga platon dahil sa hindi na makayanang buwanang subsidyo nito.

[Iba-iba ang ulat sa orihinal na laki ng batalyon. Nang unang iniulat sa KPKS, ang naitalang laki ay 450, bukod sa istap. Sa pagtatasa ng armadong pakikibaka sa Kabisayaan ng 1988, sinabing mahigit 300 ang tauhan ng batalyon at aabot sa 120-150 tauhan bawat kumpanya. Sa mga papel ng "SGVC" ngayon, binabanggit ang bilang na 278. Kung isasama sa lakas ng batalyon ang istap na siyang ginawa sa ilang ulat, magiging mahigit 300 ito, katulad ng sa itaas. Kung ganito kalaki pala para sa "SGVC" ang usaping ito, dapat sana'y tinawag ng dating pinuno ng "SGVC" ang pansin ng ika-10 Plenum sa bagay na ito. Sa anu't anuman, kahit hindi umabot ng 500 ang tauhan, malinaw pa rin sa karanasan na wala sa panahon ang pagbubuo ng gayong pormasyon.]

Sa Negros, kung saan pinakamasinsin ang latag ng pwersa ng kaaway sa buong Kabisayaan, tumitingkad ang problema sa pagmamaniobra ng malalaking pormasyon dahil sa pagkitid ng baseng masa, sinsin ng mga ditatsment ng kaaway at kakulangan ng mapagkukublihang sukal sa maraming bahagi. Kaalinsabay, sa kabuuang sitwasyon ng isla, narating na ng Komite sa Rehiyon ang kongklusyon na ang krusyal nang tungkulin sa kabuuan, sa pag-alpas sa mga pinsala, pagbawi sa inisyatiba at higit na pagsulong, ay ang pakikipaggitgitan upang makapagpalawak at makabawi ng nawalang teritoryo, ang pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa.

At sa kalagayang masinsin ang latag ng pwersa ng kaaway, ipinakikita mismo ng karanasan na kailangan ang mga yunit na nakakalat at mas maliit, pero sapat ang kakayahan at lakas para makapagsarili at makapagpunyagi sa gawaing masa at gawaing militar sa mga lokalidad. Sa Kumperensya sa Gawaing Pampulitika noong 1991, iniulat na may mga kumpanya sa Negros na nakatalaga na sa mga platon sa matatagal na panahon hanggang sa isinasakripisyo ang integridad nila bilang kumpanya magampanan lamang ang mas mahahalagang gawain sa mga lokalidad. Sa pagtatasa ng Viscom noong Mayo 1991, ispesipikong itinakda para sa Negros ang patakarang nagbibigay-diin sa mga operasyon ng maliliit na yunit, pagbawi ng mga saklaw na

nawala at paminsan-minsang pagsasagawa ng malaking taktikal na opensiba kapag may pagkakataon. Sa iba't ibang isla ng Kabisayaan pinatutunayan ng karanasan ang mahigpit na pangangailangan ng balanse at interaksyon ng lapad at sinsin ng baseng masa, sa isang panig, at ng antas ng pormasyon at aksyong militar ng hukbo, sa kabila. Nang mawala ang malaking tipak ng organisadong masa, organisasyon ng Partido at saklaw ng mga larangang gerilya noong 1986 at 1987, at pagkatapos uli, noong 1988 hanggang 1990, ininda iyon pati ng hukbo. Lumaki ang mga limitasyon sa maniobra at pleksibilidad, ang tantos ng mga matagumpay na taktikal na opensiba, at ang mga kahirapan sa pagsusustini at pagsuporta sa relatibong malalaking pormasyon. Matindi ang tama maging sa morale ng mga upisyal at tauhan ng hukbo. Sa Panay, pagkaraan ng malalaking pinsala sa baseng masa at mga larangang gerilya noong 1988-1990, wastong binigyang-diin ang pagpapalakas ng mga pwersang horisontal. Ang mga lokal na pwersang gerilya (SYP at SLTs) na 84 lamang noong 1988 ay pinarami at naging 334 noong 1990, samantalang ang MRGU/FGU mula sa 222 noong 1988 ay naging 199 noong 1990. Sa mga FGU, isa lamang ang kumpanya at ang iba na ay mga platun na mas pinaliit pa sa ilang larangan para bigyang-daan ang pagbubuo ng mas maraming SYP.

Sa pagtatasa ng Viscom noong Mayo 1991, tinukoy ang malaking pinsala sa organisadong masa, organisasyon ng Partido at saklaw, laluna sa Leyte, Cebu at Bohol, Negros at Panay, na nabawasan ng mahigit 60% ng dating lakas. Sa mga nakaraang pagtatasa ng Viscom at ng mga rehiyon, di katulad sa kasalukuyang mga papel ng "SGVC", tatlo ang tinutukoy na dahilan sa gayong pinsala: matinding atake ng kaaway, mga kahinaan sa gawaing masa at kawalan ng depensa sa mga lokalidad. Dati, hindi lamang ang kaaway ang sinisisi ng "SGVC" sa malaking pagkabawas ng baseng masa. At dati, di gaya ngayon, hindi nila itinuturing na normal at natural ang nangyaring laki ng pinsala sa baseng masa. Pero nang tumbukin ng KS ang usapin sa malalaking pormasyon at bertikalisasyon sa Kabisayaan, biglang binaligtad at pinilipit ng "SGVC" ang mga naturang pagtatasa.

Noong 1983 hanggang 1985, upang mapalakas ang mga pormasyon sa antas ng rehiyon at larangan, sinaid halos ang mga armadong pwersang nakatalaga sa mga lokalidad sa mga isla ng Kabisayaan. May epekto rin ito sa gawaing masa dahil ang mga armadong yunit ay mahalaga kundi man pangunahing pwersa sa gawaing masa sa mga lokalidad. Gayunman, ang gawaing masa ay napunuan ng mga lokal na komite ng Partido at pinamumunuan nilang mga pangkat kadre at mga pangkat aktibista. Iyon ay habang hindi pa gaanong aktibo at malaki ang pwersa ng kaaway.

Pagdating ng 1986 at 1987, nang mas tumindi ang mga operasyon ng kaaway, mabilis na lumitaw ang problema sa kawalan ng armadong kakayahan sa mga lokalidad; nahirapang gumalaw at magpursigi ang mga yunit na wala o halos walang armas. Mula 1986 binuo muli ang mga yunit gerilya sa mga distrito at nakita ang pangangailangan ng armas pati ng mga lokal na milisya para sa ilang tipo ng pagbulabog sa mga operasyon ng kaaway. Mula 1988, binigyan ng prayoridad ang mga lokal na yunit sa disposisyon ng mga armas

na nasasamsam sa kaaway.

Totoong napuruhan ng pinsala sa nakaraang mga kampanya ng kaaway ang mga maliit at mahinang yunit na nakatalaga sa mga lokalidad. Pero hindi ito argumento para ikonsentra ang pwersa sa ilang malaking pormasyon. Obligadong pagpunyagian ang mga gawain sa mga lokalidad kaya sumusuong sa pakikipaggitgitan sa kaaway ang mga yunit na maliliit, mahihina at kulang sa pagsasanay. Ang usapin ay ang higit na pagpapalakas at pagpapauunlad sa kakayahan ng mga yunit na ito sa gawaing militar at gawaing masa. Bagamat kinilala ng "SGVC" ang halaga ng mga lokal na pwersang gerilya mula 1986 at laluna mula 1988, higit pang itinaas ang antas ng bertikalisasyon ng hukbo at hinabol ang pagpapaunlad ng kakayahan sa mga koordinadong kampanyang pulitiko-militar sa antas ng buong Kabisayaan.

Samantala, sa mga rehiyon at larangan, ang aktwal na takbo ng labanan ay nagtulak sa mga namumunong komite ng Partido na magkusa sa pagpapalakas ng mga pwersang horisontal at sa mga gawain sa mga lokalidad.

Sa buong bansa, ang Kabisayaan ay matagal nang nangunguna sa lapad at lakas ng baseng masa at pwersang kadre. Pero sa nakaraang mga taon, bunga ng mga malubhang pagkakamali at pagkukulang sa pambansang antas at sa antas ng Kabisayaan, ang pwersang kadre at baseng masa ay patuloy na numipis, nabanat at bumuhaghag.

Ang unang bugso ng maramihang paghugot ng mga kadre sa mga lokalidad ay noong unang reorganisasyon ng 1980 at 1982 na matinding naramdaman laluna ng Samar, na bukod sa nagbuo ng mga komite at yunit ng istap sa iba't ibang antas ay inalisan pa ng 20 nangungunang kadre. Di nagtagal, sinundan pa ito ng unang bugso ng "regularisasyon" na halos sumaid sa mga armadong yunit sa mga lokalidad. Mula 1986 binuo ang mga istap na nakabase sa kalunsuran at kinuha ang ilang kadre sa kanayunan para ilagay sa mga iyon. Noong 1988 may panibagong bugso ng "regularisasyon" na kinatampukan ng pagbubuo ng batalyon at mga kumand at istap militar sa antas ng Kabisayaan at mga rehiyon. Kaalinsabay ang paulit-ulit na tama ng mga reydy ng kaaway sa "SGVC" at mga istap nito na nakabase sa kalunsuran. Makabuluhang bilang ng eksperyensado at nangungunang kadre ang nahila sa pagbabase sa syudad at nadakip ng kaaway doon.

Bagamat malapad at may isang antas ng tatag ang baseng masang naipundar sa Kabisayaan, ang wala sa panahong "regularisasyon" ay nagpalaki ng mga bulnerabilidad at nagpabuhaghag nito.

Sa kaigtingan ng mga opensiba ng kaaway, ipinakita ng karanasan ang mapagpasyang halaga ng malapad at masinsing baseng masa na may kakayahang maggumiit at magpursigi kahit sa panahon ng mahigpit na pagbabantay ng kaaway. Bukod sa lapad at para mapanatili ang sapat na lapad ng baseng masa, kailangan ang karampatang sinsin. At hindi pwedeng mamantina ang sinsin kung ang mga lokalidad ay walang kakayahan sa gawaing militar at gawaing masa na kapwa patuloy na inaaruga at pinaunlad.

Isang usaping pinatampok ng wala sa panahong bertikalisasyon sa

Kabisayaan ay ang problema sa lohistika at pinansya ng hukbong bayan. Sa paglaki ng mga buong-panahong rebolusyonaryong pwersa, natural na lumaki ang pangangailangan sa lohistika at pinansya. Pero sa matagal na panahon, ang mga ito ay tinugunan pangunahin sa pamamagitan ng suporta ng masa, kumpiskasyon sa mga labanan, at pagsisikap ng mga nakakalat na yunit. Bunga ng wala sa panahong "regularisasyon," nasentralisa sa antas ng rehiyon at buong Kabisayaan nang wala rin sa panahon ang pagtustos sa pangangailangan ng batalyon at mga kumpanya na habang pinagkokonsentra sa mga gawaing militar ay inengganyo rin sa lubos na pag-asa sa subsidyo. Kahit ang arawang gastos ng malalaking pormasyon ay naging napakabigat na pasanin ng mga rehiyon.

Sinasabi ng "SGVC" na hindi dapat iasa sa masa ang pagtustos sa mga pangangailangan ng hukbo at sa halip dapat sustentuhan ang mga ito mula sa kumpiskasyon sa mga kaaway sa uri. Hindi nga pwedeng lubos na iasa sa suporta ng masa ang pagtustos sa hukbo, pero kung mahusay na magagampanan ang gawaing masa, maisusulong ang iba't ibang kampanyang masa at mapauunlad ang produksyon ng masa, magkakaroon sila ng kakayahan at kahandaang tugunan ang malaking bahagi ng pangangailangan ng hukbo.

Totoo ring dapat ipasa sa mga kaaway sa uri ang pinakamalaking bahagi ng pagtustos sa rebolusyonaryong digma, na magagawang maipasagot sa kanila. Pero dapat mahigpit na pag-ibahin ang estilo at pamamaraang gangster na nakakademoralisa at nakakadisorganisa sa mga rebolusyonaryong pwersa, at ang mga pamamaraang nakabatay at kadugtong ng pagsulong ng gawaing militar at gawaing pampulitika na nagpapataas, sa halip na makasira, sa internal na tibay, integridad at prestihiyo ng Partido at hukbo. Ang mismong pag-iisip na umasa sa mga pamamaraang gangster ay isa pang malinaw na indikasyon na wala sa panahon ang inabot na antas ng "regularisasyon."

Ang "SGVC" ay nagbababala na kapag binuwag ang batalyon at mga kumpanya, hihina ang mga taktikal na opensiba, malalagay sa peligro ang mga yunit gerilya, at manganganib ang mga larangang gerilya. Sa katunayan, ang mga ipinantatakot nila ay naganap at nagaganap na dahil sa wala sa panahong "regularisasyon."

Pagkatapos ng ilang taong matutunog at matitinding operasyong kumpanya at multi-kumpanya, bandang huli ay humina ang mga taktikal na opensiba bunga ng mga dependsibong pag-angkop ng kaaway at pagkatapos, ng lumalaking problema sa pagkitid ng baseng masa. Mula 1988, ang pagbubuo ng batalyon at pagsisikap sa mas mataas na antas ng koordinasyon ay hindi nagawang maibalik ang dating antas, tindi at tagumpay sa mga taktikal na opensiba. [Ang reyde sa VMA na isa sa pinakamagiting na tagumpay ng hukbo sa Negros at Kabisayaan ay hindi operasyong kumpanya, kundi ispesyal na operasyon ng isang maliit pero piling-piling yunit.]

Ilang taon na, ang mga rehiyon ay gumagawa na ng mga pagbabago para remedyuhan ang mga disbalanse sa disposisyon at latag ng pwersa at mga gawain -- upang mapangibabawan ang mga pinsala at ang lumalaking problema

sa pagkawala ng inisyatiba, at upang muling makasulong. Ang paggigiit ng "SGVC" sa kanilang pagkahaling sa batalyon at kumpanya ang siyang sasagka sa umaandar nang pagwawasto sa mga rehiyon at magdudulot ng mga peligro sa hukbo, Partido at baseng masa. Ang karanasan sa pagbuwag ng "batalyon" at reorganisasyon noong 1980, pagbaba ng pormasyon at pagbabawal sa ilang tipo ng operasyon, ay dapat lagumin nang wasto upang hindi magsilbing emosyunal na isyu at permanenteng multo na makakasira sa wastong paghuhusga sa mga usapin sa armadong pakikibaka. Higit pa, ang paghuhusga doon ay dapat nang tanglawan ng ibayong mas mayamang karanasan sa armadong pakikibaka sa sumunod pang mga taon.

Pinatutunayan ng mga karanasan ngayon na mali ang trajectory ng pagbubuo ng papalaking pormasyon sa Samar noon; na dapat patuloy na italaga ang mga bunga ng mga tagumpay, alinsunod sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya; na wastong tumulong ang Samar sa mas nahuhuling lugar pero dapat mas inihanda ang segundang linya ng mga kadre at pinadalhan sila ng mapauunlad na mga bagong pwersa mula syudad; na dapat sininop ang pagpapaliwanag at paghahanda ng pag-iisip ng mga kasama laluna ang mga maiiwan sa isla; na dapat positibo, sa halip na negatibo, ang ginawang mga batayan sa pagbabago; at iba pa.

Sa pinakahuling pagtatasa ng Kabisayaan, bilang pagkilala sa kongkretong sitwasyon, nabuo na sa katunayan ang isang wastong patakaran: pangkalahatang diin sa malaganap na operasyon ng maliliit na yunit na nakakawing sa pagbawi at muling pagpapalakas ng baseng masa, at panapanahong malalaking operasyon.

Upang masustini ang sigla ng pakikidigmang gerilya, kailangang umasa pangunahin sa maliliit pero malaganap na aksyong militar na nakakawing sa tuluy-tuloy na gawaing masa. Pero kailangan din ang pili, panapanahon at matitinding malaking bigwas upang mapanatiling nanghuhula at nagtatalo ang isip ng kaaway kung alin ang kanyang aagapan: ang malawak at maliliit na aksyong gerilya o ang paminsan-minsan pero nakaririnding bigwas na hindi niya matantya kung kailan tatama at saang direksyon magmumula. Sa ganitong moda ng pakikidigma at sa kabuuang latag at balanse ng gawaing militar, gawaing masa, gawaing Partido, gawaing kultura at gawaing ekonomiko, ang angkop na patakaran ay ang pangkalahatang diin sa pagpapalakas ng mga pwersang horisontal, na umaasikaso sa gawaing masa at gawaing militar sa malawak na saklaw, nakakalat at may kakayahang magsarili sa mahabang panahon pero nakapagtitipon at nakapagsasanib-sanib kung kinakailangan. Ang antas ng bertikalisasyon, laki at dami ng relatibong malalaking pormasyon ay dapat mahigpit na ibatay sa lakas at latag ng mga pwersang horisontal. Sa malaganap at masinsing (mas presiso kaysa sa "matindi", na ginagamit ng "SGVC") pakikidigmang gerilya, maitatakda rin ang akma at makatuturang antas ng pag-unlad ng koordinasyon at kumand sa mas matataas na antas.

[Sinasabi ng "SGVC" na ang konsepto ng pwersang bertikal at horisontal ay nakalilito, hindi nila pinaniniwalaan at hindi nila ipinalaganap. Pero ang mga rehiyon ng Kabisayaan, sa kabutihang palad, ay hindi nalilito at sa katunaya'y gumamit ng mga nasabing konsepto upang unti-unting iwasto ang

mga disbalanse sa kani-kanilang saklaw.]

4.2. Upang linawin ang ugat sa teorya ng pagkakamali sa wala sa panahon at di masusustining "regularisasyon," tinukoy ng "Muling Pagtibayin" ang hindi namamalayang pagbuhay muli sa linya ng mabilis na tagumpay militar ni Jose Lava. Hindi pinansin o hindi pinag-isipang mabuti ng "SGVC" ang ibig sabihin ng hindi namamalayang pagbuhay muli, pero pagkatapos, gusto nilang "durugin" ang "Muling Pagtibayin" sa pamamagitan ng "pagpapatunay" na sa kanila, walang nag-isip, ibig sabihin, walang mulat, na bumuhay muli sa linya ni Jose Lava.

Higit pa, ang linya ng mabilis na tagumpay militar ni Jose Lava ay binigyan ng pinakamakitid na kahulugan: ang aktwal na plano at aktwal na paghahabol ng tagumpay sa maikling panahon. At pagkatapos, upang "durugin" uli ang "Muling Pagtibayin," "pinatunayan" na wala namang gumawa ng ganoong plano. Hindi nauunawaan ng "SGVC" ang relasyon at pagkakaiba ng linya at plano. Ang esensya ng maling linya ni Jose Lava ay hindi lamang ang aktwal na plano at implementasyon niyon kundi kabilang pati ang mga maling konsepto at patakaran sa digmang bayan at pagbubuo ng hukbo, na itinaguyod bunga ng pagnanasa sa mabilis na tagumpay militar, gaya ng pagmamadaling itaas ang antas ng digma nang lampas sa aktwal na antas ng pag-unlad at nang walang masikhay na pagbubuo ng baseng masa.

Upang bigyang-matwid ang wala sa panahong "regularisasyon," binabanggit ng "SGVC" ang pangangailangang bakahin ang gerilya-ismo. Sa kanilang pagtatasa noong 1988, tinutukoy din ang tungkuling paunlarin ang "mga sangkap ng regular na hukbo." Sinipi nila ang pangungusap ni Mao laban sa gerilya-ismong "nakasasama sa mga malakihang operasyon" sa panahong nasa antas na sila ng regular na pakikidigmang makilos at nagsisikap na higit pang paunlarin ang Pulang Hukbo upang maging "mas sentralisado, mas unipikado, mas disiplinado at mas puspusan sa paggawa ... mas regular sa katangian."

Totoo, bilang isang linya ng gawain, ang gawaing hukbo at gawaing militar ay kailangang patuloy na paunlarin. Ang kasanayan, kaalaman, teknik at disiplina ay dapat patuloy na pataasin. Pero ang mga ito ay kailangang ipailalim sa kabuuang disposisyon, kabuuang estruktura, kabuuang sistema ng koordinasyon, kabuuang tungkulin at mga prayoridad, na akma sa yugto ng pag-unlad ng digma at sa mga tungkuling militar at pampulitika ng hukbo sa yugtong iyon. Sa kasalukuyan, kailangang magpunyagi sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na kaakibat ang patuloy na pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa, ang pag-iipon ng ibayo pang lakas, at paglalalatag ng mas malapad at mas solidong mga batayan sa baseng masa, ekonomiya, kultura, kakayahan sa kadre, reserba, atbp, para sa mas mataas na antas ng digma. Sa ganitong balangkas dapat isipin, itakda at planuhin ang pagpapaunlad ng kalidad ng hukbo at gawaing militar.

Binabansagan ng "SGVC" ng "egalitarianismong militar" ang isang pangkalahatang sukatan ng lapad at sinsin na dapat makamit sa

pakikidigmang gerilya, na ihinapag ni AL noong 1988. Ang panukala ay nagdidiin na, sa saligan, tayo ay nasa antas ng platun bilang batayang pormasyon, na dapat magpakahusay tayo at makarating sa isang takdang lapad at sinsin sa antas na ito bago tayo makaabante sa mas mataas pang antas. Platun ang saligang disposisyon ng pwersa at karaniwang parametro ng pagtatakda ng mga plano, tungkulin at koordinasyon. Gayunman, hindi iniaalis ang panapanahong pagkokonsentra ng magkakahiwalay na platun para magsagawa ng mas malaki-laking mga operasyong militar. Hindi iniaalis din, kung may sapat na lapad at lakas na ng mga pwersang horisontal, na magbuo ng kumpanya bilang pangunahing pwersa, pero ang mga ito ay magiging secondaryong salik lamang sa kabuuan.

Kahit sa antas ng platun, hindi pwede ang absolutong pantay-pantay na disposisyon. Gayunman, maling ituring na "egalitarianismong militar" ang pagtatakda ng platun bilang saligang disposisyon sa pambansang saklaw.

Dagdag pa, ang egalitarianismong militar na pinuna ni Mao ay kaugnay ng pagtatakda ng prinsipal at secondaryong pwersa at direksyon sa mga kampanya. Malayung-malayo pa tayo sa kalagayan na magiging problema natin ito. Wala pa tayo sa pusisyong maglunsad ng mga kampanyang may prinsipal at secondaryong direksyon ng pagsalakay. Sa pinakamaunlad, ang kampanyang kaya na natin ay hanggang sa pagtatakda ng kumon na pangunahing layunin sa isang panahon, pagsisikap na gawing sabay-sabay ang mga opensiba, koordinasyong di-tuwiran, at pagsalig sa kumulatibong epekto ng hiwa-hiwalay na aksyong gerilya. At kahit sa antas na ito ng koordinasyon, kailangang magmatyag sa labis na pagbanat sa pwersa, kakayahan at limitadong rekurso.

4.3. Ang insureksyunistang paglihis ay itinatatwa at pinagtatakpan din ng "SGVC". Tulad sa usapin ng di namamalayang pagbuhay muli sa linyang Jose Lava, ang problema sa insureksyunismo ay pinakikitid ng "SGVC" sa usapin ng tahasang pagpapataw at pagpapatupad ng modelong Sandinista. Samantala, alam ng dating pinuno ng "SGVC", at dapat ng buong "SGVC", ang diskusyon at paglililaw ng ika-10 Plenum sa iba't ibang tipo ng insureksyunismo na lumitaw sa loob ng Partido sa nakaraang mga taon.

Higit pa, pinagtatakpan ng "SGVC" ang dogmatistang panggagaya sa karanasang Sandinista na naging isang sadyang pangunahing impluwensya sa pagbubuo at paglaganap ng linyang RA-WA ng Komisyon sa Mindanaw noong 1983. Ang linyang ito at panggagaya sa karanasang Sandinista ay patuloy na dinala ng isang dating kagawad ng MDC na naging editor ng AB, gayundin ng isa pang dating kagawad ng MDC na naging pinuno ng NUFC. Dala-dala nila sa pakikibakang lunsod ang mga konsepto ng mabilis na pagpapasambulat ng insureksyunaryong sitwasyon, sukdang kalburuhin ito. At sa nagkakaisang prente, itinaguyod naman nila ang sari-saring pananaw at proyekto na naghahabol sa pagbubuo ng mga pormasyong tipong-Los Doce na sasaklang sa mga pwersang ligal at iligal, labis ang diin sa mabilis na pagkakamit ng masaklaw pero mababaw na hagod ng impluwensya ng rebolusyon, at labis ang ispekulasyon sa potensyal ng mga alitan ng mga reaksyunaryo. Ang mga insureksyunistang pangarap ang nasa likod ng mga iligal na plano sa mga aksyong militar, kampanyang masa at nagkakaisang prente sa Maynila-Rizal

noong 1990 na pinangunahan ng dating editor ng AB. Ang mga ito ay ipinalaganap at ipinatupad ng mga organo at yunit na nakabase sa Maynila-Rizal -- kabilang ang "SGVC" at pwersang pinamumunuan nila -- nang lingid sa kaalaman at salungat sa mga patakaran at desisyon ng KPKS at KTKS. [Tingnan ang "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral."]

Noon pa mang Setyembre 1990 kung hindi man mas maaga pa, nalaman na ng dating pinuno ng "SGVC" ang iligal na mga plano at nasangkot na ang pwersang pinamumunuan ng "SGVC" sa implementasyon ng mga iyon. Alam niya ang mga planong militar sa Maynila-Rizal at ang mga "aksyong pulitiko-militar" gaya ng panununog ng bus noong Oktubre 1990 na inilingid sa kaalaman ng KTKS at KPKS. Kahit iligal at mali ang mga naturang plano, ang dating pinuno ng "SGVC" ay hindi nangiming isinangkot sa mga iyon ang pwersa ng Kabisayaan, sumali sa paglilihim sa KTKS, at kahit pagkatapos nang malantad sa praktika ang pagkakamali ng mga naturang plano at pinupuna na ang mga iyon, nakipagsabwatan siya para patuloy na itago sa KTKS at KPKS ang tunay na mga pangyayari.

Noong 1991 ang dating pinuno ng "SGVC" mismo ay nagpapalipad ng mga salita tungkol sa pagbabago ng estratehiya, mga pahiwatig ng pagdadalawang-isip sa digmang bayan at atraksyon sa linyang insureksyunal. May mga kagawad din ng "SGVC" na nakadalo sa mga lekturang ginawa noong pagpasok ng 1991, na lumikha ng pagkahaling sa Sandinistang modelo ng "pagtransporma ng pampulitikang krisis sa rebolusyonaryong krisis."

Dagdag pa, noong 1991 din, patuloy na inilako ng dating editor ng AB ang kanyang "stratehiya ng digma at pag-aalsa." Dahil sa pagtanggì ng Senado sa tratado sa baseng militar, lumalakas daw ang tunguhing awtonomo sa hanay ng mga lokal na reaksyunaryo at:

"(a)ll the more, the strategy of encircling the city loses its validity. A strategy of war & uprising seeking optimal combination of pol (sic) & mil (sic) struggles in a modern polity & where semi-feudal, semi-capitalist mode is being pushed more & more by capitalist infusion is perhaps the better & more valid option to take."

Sa kabila ng mga ito, at ng maraming kongkretong patunay sa kasaysayan [Tingnan sa "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral."] itinatatwa ng "SGVC" ang suliranin ng insureksyunismo sa loob ng Partido. Pinalilitaw nila na kung mayroon man, si Marty Villalobos lang ang nagdadala nito. Sila mismo, gaya ng maraming iba pang kasama at organo, gaya ng sentral na pamunuan mismo, pero sa mas matagal na panahon at hanggang sa mga iligal na plano ng 1990, ay natangay ng insureksyunismo at ayaw nilang aminin ito.

Habang pinagtatakpan ang malalang kaso ng iligal na planong insureksyunista noong 1990, hinahagupit naman nang maigi ng "SGVC" ang pahayag sa ika-22 anibersaryo ng Partido at pag-aapruba doon ng KTKS. Kahit sinang-ayunan ng KPKS ang mga pangunahing nilalaman at ang kabuuang tuon ng mga tungkuling inihapag sa naturang pahayag, pinalitaw nilang

"ibinasura" ng KPKS ang pahayag. Pinalaki ang isyu sa paggamit ng terminong "rebolusyonaryong agos," binaluktot iyon sa pamamagitan ng pagkakahon sa insureksyunistang balangkas, at kinantyawang nang hindi maganap ang pag-agos ng mga pakikibakang pampulitika, na hinadlangan naman ng patuloy na paghahangad ng sobra ng mga elementong nag-aasam ng pag-aalsang lampas sa tipong-Edsa.

At ngayon, binabaluktot ng "SGVC" ang naturang pahayag na diumano'y nanawagan ng pag-aalsang tipong-Edsa, gayong malinaw na itinuring lamang iyon bilang isang posibilidad. Higit pa, nadaluhan ng mga kagawad ng "SGVC" ang mga konsultasyong idinaos ng KTKS noong maagang bahagi ng 1991, kung saan nilinaw ang kamalian sa GSWB ng Oktubre 1990, pinuna ang mga konsepto ng pag-aalsang lampas sa tipong-Edsa, at tinanggihan ang panukalang gawing pokus ng buong plano ang paghahabol sa pag-aalsa. Ang layuning itinakda ay pagsisikap na likhain ang bugsong pampulitika. Gayunman, inaprubahan doon ang panukalang Lakbayan na hinila ng sobrang kalkula sa pwedeng abutin ng ligal na kilusang magsasaka.

Naniningil ang "SGVC" dahil nasagad daw ang kanilang kakayahan noong 1991 para "likhain ang unos" na hiningi ng KTKS. Pero tahimik sila sa mga insureksyunistang plano at pag-aasam noong 1990.

4.4. Mula 1986, ang VISCOM, o mas partikular, ang "SGVC", ay nakabase sa Maynila-Rizal at pumapasok lamang sa kanayunan kapag may matatagal na pulong. Mula din noon, unti-unting humugot ng mga kadre para sa mga istap na nakabase sa syudad. Mula 1988, paulit-ulit na matinding tinamaan ng mga reyd ng kaaway ang "SGVC" at makinarya nito na nakabase sa syudad.

Sa kabila ng lumalaking mga problema sa seguridad sa syudad at mga problema sa gawaing masa, gawaing militar at gawaing Partido sa kanayunan, nagpatuloy sa pagbabase sa syudad ang "SGVC" na ang pangunahing inaasikaso ay koordinasyon ng mga masaklaw na koordinadong kampanya at pangkalahatang pagsubaybay sa mga gawain.

Sa matagal na pagbabase sa syudad, hindi lamang malaking bilang ng nangungunang kadre ang nahila mula sa kanayunan at sa kalauna'y nadakip ng kaaway. Kinapitan din ang "SGVC" ng mga ilusyong insureksyunista na laganap sa ilang organong nakabase sa Maynila-Rizal, binalikan ng masasamang bisyong napulot sa syudad, at higit sa lahat, sa kabila ng kanilang pagtangga, nahiwalay sa mga saligang gawain sa mga batayang antas at dinapuan ng sakit ng burukratismo.

Ang sakit ng pagbabase sa syudad at burukratismo ay hindi lamang problema ng "SGVC". Naging problema rin ito ng KTKS, ibang sentral na organong namumuno at istap at ilang komite sa rehiyon. Ang mga sakit na ito ang nagbunga ng malubhang problema sa seguridad at ng maramihan at paulit-ulit na pagkakadakip sa syudad ng mga pinuno at nakatataas na mga kadre ng Partido, na isa ring malaking dahilan ng panghihina ng loob ng malaking bilang ng iba pang nangunguna at intermedyang kadre. Ang sakit na ito rin ang humila sa malaking bilang ng kadre sa maalwang pamumuhay at kalagayan sa syudad, nagpahina ng pagmamatyag sa sarili, at nakasira sa proseso ng

pagpapanibagong-hubog nila.

Higit sa lahat, nakasira ito sa estilo ng pamumuno ng maraming namumunong organo at kadre, na nahiwalay sa mga gawain sa batayang antas, nalulong sa mga gawain sa pangangasiwa at koordinasyon at nagtayo ng iba't ibang organong istap at ligal na upisina -- habang nagpapatung-patong ang mga problema sa gawaing propaganda, gawaing organisasyon, mobilisasyon at pagbubuo ng Partido sa hanay ng masa. Inuk-ok nito ang internal na tibay at kalusugan ng maraming organisasyon ng Partido.

Ang dating pinuno ng "SGVC" ang isa sa mga pinakamatigas at pinakaagresibong tagapagtanggol ng pagbabase sa syudad. Bagamat pumayag siya sa desisyon ng KPKS noong 1990 na radikal na baguhin ang moda ng pagbabase at operasyon ng sentral at iba pang namumunong organo, isa siya sa pangunahing tumutol at humadlang sa implementasyon ng paglipat ng pagbabase sa kanayunan. Sa ika-10 Plenum, tanging sa usaping ito kinaramdaman siya ng emosyon sa diskusyon; ang puna sa pagbabase sa syudad at ang patakarang magbase sa kanayunan ay baka daw dala ng sobrang pagkatakot sa kaaway.

Kaya lubhang katawa-tawang palitawin ng "SGVC" sa kanilang papel na ang usapin ng pagbabase sa syudad at burukratismo ay mayroong "hibla" lamang ng katotohanan at ang naturang hibla ay iyon pang gusto nilang silipin sa Europa. Talagang wala nang pakundangan ang mga paksyunalista at manghahati sa paglapastangan sa seguridad ng mga sentral na organo ng Partido at indibiwal na kaligtasan ng ibang kasama. Binabaluktot din nila ang mga nakaraang pagsisikap sa pag-sasaayos ng sentral na pamunuan, ng seguridad at istabilidad nito. May malilinaw na desisyon at hakbang ang sentral na pamunuan na ayusin ang sarili na hindi dapat ibulgar kung saan-saan.

Hanggang sa kanilang papel, kung sinu-sino ang sinisisi ng "SGVC" sa kanilang pagbabase sa syudad at patuloy nilang iginigiit na ito ay "demand ng gawain." Kaalinsabay, iginigiit nila na hindi sila lutang sa pinamumunuan. Kung ang ganitong kalinaw na kahinaan na nagbunga na ng malaking pinsala ay hindi kayang matapat na harapin ng "SGVC", ano pang pagkakamali at pagkukulang ang kaya nilang tanggapin?

4.5. Ang pangyayari sa KAHOS at isteryang anti-impiltrasyon, gayundin ang responsibilidad ng sentral na pamunuan sa mga iyon ay malinaw na tinatalakay sa "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral" at sa "Muling Pagtibayin." Kahit ang kaugnayan ng KAHOS sa mga pagkakamali at paglihis sa Mindanaw ay sininop at hinigpitan ang paglilinaw. Sa iba't ibang kampanyang anti-impiltrasyon, may mga leksyong kumon na mahahango at malinaw nang ipinirmi ng Partido sa mga tuntunin at gabay. Gayunman, mayroon ding mga partikularidad ang mga iyon at nagkakaiba-ibang saklaw, antas at lala ng mga pagkakamali at kalabisan. Dapat hindi magtaka kung bakit mas madiin ang pagpuna sa KAHOS na maraming ulit na mas malawak at mas malaki ang pinsalang nilikha kaysa iba pa. Gayunman, malinaw din sa paglalagom kung gaano kapeligroso at katindi ang pinsala at mga problemang pampulitika na

nilikha ng mga pagkakamali noong 1988.

Naglulubid ng kung anu-anong kasinungalingan ang "SGVC" para palabuin ang usapin ng wastong paghuhusga sa KAHOS. Ang paglalagom sa KAHOS ay isa sa mga unang usaping ihinapag ng mga kasamang nakalaya noong 1986 pagkatapos ng EDSA. Itinanong nila kung mayroon nang paglalagom doon, bago pa man pumasok ang anumang usapin sa kanilang reintegrasyon. Dapat ding linawin na mula't sapul, idiniin ni AL ang ubos-kayang pagmamatyag sa panic noong 1988 habang sinusuri ang mga pumapasok na impormasyon. Siya rin ang naghapag ng burador para sa mas sistematikong mga tuntunin at proseso ng pagsisiyasat at paglilitis.

May reponsibilidad ang KTKS sa KAHOS subalit kalabisang idiin na ang KTKS ang may tuwirang responsibilidad doon. May responsibilidad din ang KTKS sa isterya noong 1988, pero kasinungalingang sabihing ipinanawagan iyon ng KTKS. Pinalilitaw din ng "SGVC" na naghuhugas ng kamay ang KTKS sa responsibilidad nito sa nangyari, pero alam ng mga organo at kadreng sangkot ang dinaanang mga pagpupunahan, pagtatasa at paglalagom na nilahukan at pinamunuan ng KTKS.

Sa buong pangyayari, ang pinalilitaw ng "SGVC" na kapuri-puri sa lahat ay ang dating editor ng AB na nagbitiw daw sa KTKS dahil sa bigat ng tama sa kanya ng responsibilidad ng KTKS sa nangyari. Para sa kaalaman ng lahat, nang magbitiw ang dating editor ng AB ang binanggit niyang mga dahilan ay ang kanyang responsibilidad sa KAHOS, bigat ng tama ng naging suspetsa sa kanya sa hulihan noong 1986 at gusot kaugnay ng reorganisasyon sa Maynila-Rizal noong 1989 na kanyang pinamunuan. Pero pagkaraang magbitiw, saka siya nagwala sa pagmamaniobra ng iligal na mga planong insureksyunista noong 1990 at, pagkatapos, ng iligal na pagbabago sa oryentasyon ng AB.

5. Mga Proseso ng Pamumuno

5.1. Sa mga papel ng "SGVC" isang tuluy-tuloy na tema ang tumutuhog: ang walang patumanggang paninira kay AL at sa KTKS at pagsisikap na ihiwalay ang KTKS sa proseso at estruktura ng sentral na pamunuan ng Partido.

Si AL at ang KTKS ang pinupuruhan ng mga paksyunalista at manghahati dahil si AL at ang KTKS ang nanguna sa paghadlang sa paglarga ng insureksyunismo, Gorbachovismo at ultrademokrasya sa loob ng Partido; pagtukoy at pagpuna sa mga malalang pagkakamali at paglihis; at paninindigan sa linya, stratehiya at mga saligang tuntunin ng Partido.

Ang mga akusasyon ng "SGVC" kay AL at sa KTKS ay ang tipo ng mga tsismis at intriga na ilang taon nang ikinakalat ng dating editor ng AB at ng dating pinuno ng "SGVC", at ngayon, bilang sukatan ng kanilang desperasyon at kawalan ng kunsiderasyon sa Partido at katotohanan, ay isinulat pa sa mga dokumentong inilalako sa buong Partido bilang tagapamandila ng tama at totoo. Sa mga nakaraang taon, pana-panahong nakakasagap kami ng pira-piraso ng mga nasabing tsismis at intriga at aming pagkakamali na itinuring ang mga iyon na kapilyuhan o pagpapadalus-dalos lamang na

hinarap sa pamamagitan ng kaunting tanong at kaunting paglililinaw sa ilang tao.

Pagkatapos ng ceasefire ng 1987 at ng matinding tunggalian kung tama o mali, kung kinakailangan o hindi iyon, tumindi ang mga senyales ng disgusto ng ilang kagawad ng mga sentral na organo. Pero mas magiging maanghang ang mga palipad-hangin at mas lantad ang pagharang sa mga pagsusuri at patakaran ng KTKS at KPKS, mula 1989, nang inumpisahan ang pagpuna sa ilang pangunahing sangkap ng programa sa "regularisasyon."

Noong 1990 ang dating editor ng AB ay nagbitiw bilang kagawad ng KTKS. Sa isang kasamang nakausap niya pagkatapos, kanyang sinabi na ang hangad daw sana niya ay magbitiw ang buong KTKS. Ibig sabihin, kanyang ipinamamalita noon sa ilang sirkulo na nakabuslo na sa kanyang linya -- ang sentral na organong matitira sa pagitan ng mga pulong ng KS, at, sa pagitan ng mga pulong ng KPKS, libre ang sinumang indibidwal na kagawad ng KPKS na "magsapribado" ng saklaw o linya ng gawain na kanyang kinatatatalagahan.

Kahit hindi nabuwag ang KTKS noong 1990, ikinalat ng dating editor ng AB na nabuwag na ang KTKS; na siya ang indibidwal na kinatawan ng KPKS sa mga malaking tipak ng organisasyon na may awtoridad sa mga pambansang kampanyang pampulitika, walang ipinagkaiba sa isang-taong sentrong pampulitika. Kanyang hinarang ang daloy ng mga ulat at impormasyon patungo sa KTKS na noo'y lumipat ng pagbabase sa kanayunan, at sumige na sa paggawa at pagpapatupad ng mga importanteng desisyon at pahayag nang lampas sa kanyang awtoridad, na ang pinakatampok ay ang mga insureksyunistang plano ng 1990 at ang ilegal na pagbabago ng oryentasyon ng AB. Hindi na nagkasya sa paggigiit ng kanyang mga insureksyunistang linya at pananaw sa loob ng mga proseso ng Partido, tahasan na niyang sinagasaan ang mga tuntunin sa organisasyon para mapairal ang kanyang maling pananaw at linya.

Dahil sa paghahabol na "makapagpasambulat" ng insureksyunaryong sitwasyon noong 1990, may mga kagawad ng KPKS, kabilang ang dating pinuno ng "SGVC", na sadyang umantala sa kanilang pagpasok sa kanayunan noong ikatlong kwarto ng 1990 at, tuloy, hindi natupad ang iskedyul ng pulong ng KPKS. Pero pagkatapos, pinupog nila ang KTKS ng katyaw ng incompetence at mahinang diskarte dahil sa kabiguang matipon ang KPKS ng panahong iyon. Ang dating editor ng AB ay nag-akusa pa na talagang hinarang daw ng KTKS ang pulong ng KPKS.

Ang pakikipagkonsultahan ng KTKS noong Enero at Pebrero 1991 sa mga organong nakabase sa Maynila-Rizal upang kumuha ng impormasyon at ulat sa aktwal na mga pangyayari at magbuo ng plano sa kampanyang masa na wala sa insureksyunistang balangkas, ay matinding binatikos din ng dating editor ng AB at dating pinuno ng "SGVC".

At nang punahin ng KTKS ang mga insureksyunistang plano ng 1990, tinuligsa naman ito ng pamumunong "post-mortem at fault-finding", mga

akusasyong bukod sa inuulit ng "SGVC" sa kanilang papel ay dinagdagan pa ng akusasyon ng di pagbibigay ng "komprehensibong pampulitikang pamumuno".

Noong 1991 lalong pinag-ibayo ng dating editor ng AB, kasama ang dating pinuno ng "SGVC", ang mga tsismis at intriga laban sa Tagapangulo ng Partido at sa KTKS. Sari-saring kasinungalingan at kung anu-anong isyu ang pinalalaki at itinatambak, matabunan lamang ang tahasan at wala pang kaparis na paglalaro sa sentral na pamunuan, mga proseso at linya ng Partido noong 1990. Ang isang malalang paglabag ay sinusundan ng pagsisinungaling at iba pang paglabag at paglapastangan, hanggang noong 1991, ang mga intriga, maniobra at sabwatan ay halos pumaralisa sa sentral na pamunuan ng Partido.

5.2. Salungat sa pinalilitaw ng "SGVC", ang KTKS at KPKS, sa pagitan ng mga pulong ng KS, ang sentro ng pamumuno sa kilusang praktikal sa bansa. Pinamumunuan ito ng isang kasamang nasa loob ng bansa. Ang mga suhestyon ng mga indibidwal na kagawad ay ipinoproseso sa KPKS o KTKS bago maging patakaran at desisyon ng Partido.

Maraming problema at limitasyon sa istabilidad, pagbabase at kolektibong paggana ang sentral na pamunuan sa nakaraang mga taon, laluna mula 1988. Ang kasalukuyang sitwasyon ay hindi ginusto ninuman; bunga ito ng mga pagkukulang at kahinaan sa pag-aayos ng pagbabase ng sentro sa kanayunan, paulit-ulit na tama sa seguridad at dislokasyon sa makinarya, at mga problema sa konsolidasyon pagkaraan ng matagal na pagkukulang sa mga gawaing Partido.

Gayunman, anuman ang mga problema, nagsikap ang KTKS sa abot ng makakaya na kolektibong pamunuan ang Partido sa pagitan ng mga pulong ng KPKS.

Mula pa 1989 sinikap na ng KTKS at mula 1990 ay pinagtibay ng KPKS, ang radikal na pagbabago sa moda ng pagbabase at operasyon at hakbang-hakbang na pagbubuo ng makinaryang angkop dito. Ito at ang konsolidasyon sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ang pinakamahalagang dapat asikasuhin para palakasin at istabilisahin ang sentral na pamunuan.

Hindi ang KTKS ang nagbabangga ng sarili sa KPKS; ang mga katulad ng dating pinuno ng "SGVC" ang gumagawa nito. At ito ay bahagi mismo ng tunggalian sa linya sa loob ng Partido, sa katunayan sa sentral na pamunuan mismo ng Partido.

Tinutukoy ng "SGVC" ang pahayag sa anibersaryo ng 1989 bilang halimbawa ng arogansya ng KTKS na "nagwawalang-bahala sa KPKS at superbisyon nito." Ang pahayag ay tinalakay at inaprubahan ng KPKS noong Pebrero 1990, at inilabas ng KTKS noong Hunyo 1990. Sa diskusyon, naging usapin ang pag-aalsang tipong-Edsa, ang paggamit ng "ilang sangkap ng coup d'theatre" sa pagtukoy sa katangian ng tangkang kudeta ng 1989, puna sa sobrang dami ng binuong kumpanya, at ang ikatlong seksyon tungkol sa pagsusuri sa naganap sa Silangang Europa.

Ang paglabas ng ikatlong seksyon tungkol sa sitwasyong internasyunal ay

hindi desisyon ng KTKS; pagkakamali ito ng kasamang nagproseso at namahagi ng mga diskette, nagkapunahan na dito at alam ito ng dating pinuno ng "SGVC". Binabaluktot at patuloy na sinisilip ito ng dating pinuno ng "SGVC", pero hindi niya pinapansin ang paglalabas sa AB noong 1990, bago pa ang iligal na pagbabago ng oryentasyon, ng pag-endorso sa ika-28 Kongreso ng CPSU at mga desisyon nito na naghanda ng huling bigwas sa demolisyon ng Unyong Sobyet at tahasang tumalikod na sa mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo. Sa pulong ng KPKS 1990 malinaw ang paninindigan na Leninismo ang linya at patnubay natin sa pagsusuri at pagpasisyon sa mga usaping internasyunal.

May puwang para sa pagkakaiba-iba ng interpretasyon sa itinakbo ng pagtalakay ng KPKS sa iba pang mga usapin, dahil sa mga pagkukulang sa malinaw na pagguhit ng linya ng pagkakaiba at direktang pagpipirmi ng kolektibong pananaw. Pero sa mga kagawad ng KPKS, dalawa lamang ang naghapag ng salungat na upinyon sa inilabas na pahayag: ang dating editor ng AB ay may mas malawak na pagtutol at ang dating pinuno ng GC ay naghapag ng tanong tungkol sa puna sa sobrang dami ng kumpanya. Sa anu't anuman, sa mga sumunod na diskusyon ng KPKS at maging sa ika-10 Plenum ng KS ay sinang-ayunan ang konsepto tungkol sa pag-aalsang tipong-Edsa at ang puna sa sobrang dami ng kumpanya. Ang usapin ng coup d'theatre ay pinalaki lang ng dating editor ng AB dahil sobra ang kanyang prodyeksyon sa epekto ng tangkang kudeta, gayundin sa potensyal ng mga rebeldeng militar.

Ang pahayag sa anibersaryo ng 1990 ay tinutukoy ng "SGVC" na isa pang kaso ng arogansya ng KTKS. Binabatikos nila ang pananawagan ng pahayag sa mga malaking aksyong masa at pagpapatindi ng mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan. Ang mga panawagang iyon ay malinaw na umaayon sa mga umiiral na patakaran at ang bagong dagdag lamang ay ang pagbubukas sa posibilidad na umabot iyon sa isang malakas na bugsong pamulitika na maaaring humantong sa isang pag-aalsang tipong-Edsa. Dagdag pa, kinumpirma ng pulong ng KPKS ng Marso 1991 ang mga naturang panawagan.

Ang usapin ng rebolusyonaryong agos ay muling tinalakay sa ika-10 Plenum at hindi kinaligtaan gaya ng sinasabi ng "SGVC". Hindi inaprubahan ang paggamit ng termino dahil sa iba't iba pang pag-unawa sa gamit niyon. Gayunman, nilinaw na wasto ang konsepto ng fluctuations sa tindi ng krisis ng reaksiyon at kumpas ng pagsulong ng rebolusyon, at may mga gabay sa taktika na hinango mula sa mga nakaraang karanasan sa gayong mga pagtaas-pagbaba. At ang paggamit ng KTKS doon ay hindi sa pakahulugang insureksyunista na gustong ibigay ng iba.

Isa pang kasong nilulubid ng "SGVC" laban kay AL at sa KTKS ang diumanong mga sikretong sulat na nag-aatas daw na manmanan ang ilang kagawad ng KS noong 1988. Iisa ang insidenteng may hawig sa sinasabi ng "SGVC" at ito ay kinasasangkutan ng isang dating kagawad ng GC. Tanungin uli siya ng "SGVC", huwag umasa lang sa kwento ng dating pinuno ng "SGVC", para malaman na wala ang sinasabing mga sikretong sulat, na ang nagpanukala ay ang dating kagawad ng GC, na isang tao lamang ang mungkahing manmanan, na

hindi iyon naipatupad dahil agad pinigil ng KTKS nang malaman, na agad nakipaglinawan sa kasama upang iwasan ang mga di-pagkakaunawaan. Si AL ay pinuna sa pagsang-ayon sa mungkahi at madali namang nagkalinawan dito. Ngayon hinuhukay ng "SGVC" ang insidenteng ito para lamang baluktutin laban kay AL at sa KTKS.

Ang kaso sa paggawa ng mga burador at pagpipinal ng paglalagom ng KS ay natalakay na sa ibang bahagi.

5.3. Ang poot ng "SGVC" sa KTKS ay pangalawa lamang sa kanilang poot kay AL. Pagdating kay AL, talagang walang patumangga ang mga buntal ng "SGVC" at wala silang pakialam kahit sobra ang baba ng kanilang suntok.

Dahil matagal na nasanay sa paraiso ng haluan ng tama at mali at malabong paghuhusga sa maraming bagay, ang ilang kasama ay labis na nasasaktan sa talas ng pagtukoy ni AL sa mali at tama. Higit pa, ang kanyang pagdidiin sa mga saligang prinsipyo at diretsahang pagtatanggol sa linya ng Partido, samantalang nagturo ng leksyon sa ibang kasama, ay kinainisan ng ilan at kinantyan bilang "dogmatismo," kahinaan sa taktika o di kaya'y kawalan ng diplomasya.

Anuman ang sabihin ng mga paksyunalista at manghahati, hindi matatawaran ang kontribusyon ni AL sa pagbibigay ng lalim ng teorya at lawak ng istorikong pananaw sa mga pagsusuri at pagdedesisyon ng Partido, gayundin sa pagbabalangkas ng wasto at matatag na mga taktika sa pakikibaka. Sa matagal na panahon, halos naging Partido tayo ng mga administrador, kampanyador at mga kumander ng yunit militar, na bulagsak sa teorya at nangangapa sa malalawak at malalalim na usaping teoretikal at istoriko, at hindi nag-uukol ng karampatang pansin sa mga usapin at gawaing ito. Sa nakaraang ilang taon si AL ang tuluy-tuloy na nagsisikap na paangatin tayo mula sa ganitong katayuan. Ipinapakita niya ang landas ng paglutas sa malalaking pagkukulang sa pagbubuo ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Kung hindi naman sadyang salungat sa pagbubuo ng malakas na partidong Marxista-Leninista, kakitiran ng pag-iisip o palyadong pagtitimbang sa mga bagay ang maliitin ang ginagawa ni AL at laluna ang targetin siya ng paninirang-puri. May mga kahinaan si AL. Ang KPKS at KTKS ay hindi nangingiming ipaabot ang mga puna sa kanya. Pero malinaw sa buong kasaysayan ng Partido na pagdating sa malalaking bagay, mas maraming tama si AL at walang pang ibang nakapapantay sa kanyang mga ambag.

Ngayon, may ilang elemento sa loob ng Partido na nagdadalawang-isip na sa linya ng Partido, at nag-aakalang may naganap nang mga mapagpasyang pagbabago sa kalagayan at galaw ng lipunan mula sa mga dekadang sisenta at sitenta at nagpapalagay na laos na ang mga saligang prinsipyo ng Partido na nabuo at pinagtibay noon. Nais nilang ituring si AL na isang patay na ninuno at ang mga saligang prinsipyo ng Partido bilang mga patay na titik: parehong labi ng lumipas na binibigyan ng parangal, pero mananatili pa ring labi lamang. Kaya nang sumisikad si AL at iginigiit ang mga saligang prinsipyo ng Partido, idinidiing ang mga ito pa rin ang tanging wastong patnubay sa paglalagom ng mga karanasan at pagtatakda ng mga tungkulin sa kasalukuyan, gayon na lamang ang galit at halos magdeliryo sa panlalait at

pagtutol ang ilan.

Ihinahanay ng "SGVC", laluna ng dating pinuno ng "SGVC", ang sarili nila sa unahan ng ilang ito. Nangunguna rin sila sa pagkakalat ng mga kasinungalingan gaya ng diumanong kaso ng pagtulog sa briefing ng ibinigay ng mga kagawad ng KPKS, pagsentralisa sa pondo na napalitaw ng GC sa labas ng bansa, paglililiwaliw, at iba pa. Pati ang usapin ng pagdalo sa pulong ng 1986, na hindi ipinahihintulot ng seguridad noon, ay pinalalaki ng "SGVC".

Inaakusahan ng "SGVC" ng monopolyo ng isang tao si AL, kaalinsabay ang KTKS ng pakikipagsabwatan kay AL. Inaakusahan si AL ng pagmonopolyo sa pamumuno at kaalinsabay ng pag-iwan sa tungkulin. Idinidiin na dapat lumubog sa pwersa at mga gawain si AL, hindi dahil makatutulong siya, kundi para malaman niya kung gaano kamali ang kanyang mga ideya.

Ang isa sa pinakabisyosong pambabaluktot ng "SGVC" ay ang kanilang akusasyon kay AL ng "(p)anghahamak ng matapobreng asendero sa mahirap na magsasaka" sa pagsulat sa unang burador ng "Muling Pagtibayin" ng sumusunod na pangungusap, na inalis sa pinal na dokumento upang makaiwas sa maling pagbasa at sadyang pagbaluktot:

"Some companies have acquired the reputation of being coarse and lazy but ravenous; and big but not active in fighting."

Paano binaluktot ito ng "SGVC"?

Una, pinalitaw nila na lahat ng kumpanya at pati ang batalyon ng Samar ang tinutukoy samantalang malinaw na ilan lamang ang tinutukoy.

Ikalawa, ang "not active in fighting" ay isinalin nila sa "duwag" upang salingin ang machismo ng mga upisyal at mandirigma sa mga kumpanya. Dagdag pa, sinasalamatin din nito ang kanilang maling pagharap at pag-unawa sa usapin. Sa kanila, simpleng usapin ng katapangan o karuwagan ang pagiging aktibo o hindi sa paglaban, samantalang sa karanasan mas madalas na bunga iyon ng maling disposisyon, pagbabalak at pamamatnugot.

Ikatlo, ang tinutukoy ay ang nagiging "reputasyon" ng ilang kumpanya. Ito ay mula sa ulat sa mga komentaryo ng masa tungkol sa kumpanya sa ilang lugar at hindi mula kay AL. Ayaw mang aminin ng "SGVC", dahil sa mga kapabayaang natin sa gawain sa ideolohiya at pulitika at maling disposisyon at pagbibigay ng tungkulin sa pwersa, pinatutunayan ng KTKS na talagang sa ilang lugar nakakaranig na tayo sa masa ng ganyang masasakit na salita. Sa katunayan, mayroon pa nga tayong nakukuha na mas matitindi pang pananalita ng masa.

May ibang kasama na nayugyog at nagising dahil sa ganito nang mga komentaryo ng masa. Pero iba ang "SGVC". Ang gusto nila ay dumugin iyong naglalahad lamang sa gayong ulat sa layuning ipakita na talagang napakahigpit na ang pangangailangang harapin ang mga problema sa armadong

pakikibaka at pagbubuo ng hukbo.

5.4. Itinatangi ng "SGVC" na may problema ang Partido sa ultrademokrasya sa nakaraan at sa kasalukuyan. Tingnan ang "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral" para makita kung gaano kalaki ang bundok na gustong itago ng "SGVC".

Ang KTKS, KPKS at KS ay nagpuna sa bahagi nila sa problema ng ultrademokrasya. Sa kabilang banda, gustong palitawin ng "SGVC" na walang pananagutan ang mga yunit at kadreng tuwiran mismong nagtataguyod at nagsasagawa ng mga ultrademokratikong aksyon.

Pagkaraang akusahan ang KTKS ng sobrang sentralismo, inakusahan naman ito ng hindi pagbibigay ng "komprehensibong pampulitikang awtoridad." Ang mga patakaran at taktikang itinataguyod ng KTKS ay sinasalungat ng "SGVC" at ng ilang elementong naghahabol ng mga insureksyunistang pagsambulat at nagpupumilit sa wala sa panahong "regularisasyon." Pero pagkatapos, dahil ayaw pagbigyan ang kanilang gusto, inaakusahan nila ang KTKS ng kapabayaang magbigay ng pampulitikang pamumuno. At dahil ayaw nilang pinupuna ang kanilang mga pagkakamali at paglihis, tinutuligsa nila ang KTKS ng pagiging "overbearing post-mortem leaders." Mukhang magiging matiwasay lamang ang "SGVC" kapag pinagbigyan ang lahat ng kanilang gusto at pagkatapos, hindi iimik ang KTKS at iba pa kahit magkaloko-loko ang pwersa at mga gawain.

5.5. Walang patawad ang pakikitunggali ng "SGVC" sa KTKS. Kahit ang paliwanag ng KTKS tungkol sa pinal na bersyon ng "Muling Pagtibayin" ay kanilang binabaluktot. Ang unang inisip na porma ng presentasyon ng dokumento ng paglalagom ay nakapadron sa "Iwasto ang mga Pagkakamali at Muling Buuin ang Partido": may kasaysayan at susunod ang mga pangunahing usapin sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Ang kronolohiyang tinalakay ng Plenum ang unang parte at ang ikalawang parte ay ang mga pangunahing punto ng ikalawang burador ng "Muling Pagtibayin," kasama ang mga susog ng Plenum. Pero malaking trabahong baklasin nang buo ang "Muling Pagtibayin" para umakma ang daloy at pagkakasulat nito sa dokumentong unang inisip. Maraming usapin sa iba't ibang saklaw at antas na mahirap ding masaklaw sa iisang dokumento. Kaya inilabas ang hiwalay na pinal na bersyon ng "Muling Pagtibayin," batay sa diskusyon ng Plenum at gumawa ng hiwalay na papel sa kasaysayan, ang "Pangkalahatang Pagbabalik-Aral." Bukod sa mga ito, maglalabas din ng dokumento sa paglaban sa Oplan Lambat-Bitag, papel sa estruktura at disposisyon ng hukbong bayan, papel sa programa at mga tungkulin, mga resolusyon at desisyon sa mga partikular na usapin, gaya ng sa KAHOS at kampanyang anti-impiltrasyon. Dahil ipinipresenta nang hiwahiwalay ang mga dokumentong ito, pinalilitaw ng "SGVC" na ginagawa ito ng KTKS upang "tabasin ang paa nang kumasya sa sapatos." Kaululan ito. Kahit sino ay pwedeng magsuri kahit sa hiwahiwalay na mga dokumento kung may sala-salabid at nagsasalungatang mga datos at kongklusyon.

Dagdag pa, sinipi ng "SGVC" ang bahagi ng isang tala ng KTKS sa ibang usapin at pinalitaw na karugtong ng paliwanag sa paglalabas ng pinal na bersyon ng "Muling Pagtibayin." Sa katunayan ang ikalawang talang sinipi

ng "SGVC" ay hindi tungkol sa pinal na porma ng dokumento ng paglalagom, kundi tungkol lamang sa isa pang papel na naglililinaw naman sa upisyal na katangian ng una at ikalawang burador ng "Muling Pagtibayin," na nilililinaw ang upisyal na katayuan ng mga iyon upang "sarhan ang mga malisyosong atake sa awtoridad ni AL at KTKS na gumawa ng ganoong mga dokumento." Ang pinalilitaw ng "SGVC", inilabas ang pinal na bersyon ng "Muling Pagtibayin" bilang papel na hiwalay sa pangkalahatang balangkas ng kasaysayan at iba, para daw supilin ang anumang pagtutol doon.

Pati ang diumanong botohang viva voce sa tatlong upisyal ng Partido ay pinalilitaw na sadya at tusong maniobra. Alam ng dating pinuno ng "SGVC" ang buong sirkunstansya nito; walang sadyang pagtatakda na maging gayon ang takbo ng botohan. Lalong malaking kasinungalingang ibunton ang gayong pangyayari kay AL.

Ang nangyari, pagkatapos ng sikretong botohan sa KTKS, nominasyon pa lamang para sa Tagapangulo ay may mga pagpapahayag nang tama na iyung unang pinangalanan; nang tanungin ang kapulungan kung tama na nga iyon, sumang-ayon ang karamihan at walang naghayag ng pagtutol. Naulit ang pangyayari sa dalawa pang indibidwal na pusisyon. Hindi lamang ito ang unang pangyayaring naganap ang ganito.

Gayunman, totoong maluwag ang naging proseso; talagang bukas iyon sa pag-abuso at malamang na maulit pa ang gaya ng nangyari sa dating pinuno ng "SGVC" na hindi pala nakapaghayag ng kanyang nilolob. Ang dapat sanang ginawa ay istriktong sikretong balota para sa lahat; dapat dumaan doon gaanuman kalakas ang inaakalang konsensus o pagkakasundo. Kung magkakaproblema sa nominasyon, pwedeng itinuring na kandidato sa bawat pusisyon ang lahat ng kagawad ng KTKS.

5.6. Pinalilitaw ng "SGVC" na ang Kilusang Pagwawasto ay panunupil at panunugis. Ang mga normal na proseso at tuntunin ng Partido ay pinalilitaw na abnormal at anomalya dahil sa unang pagkakataon, ipinatutupad ang mga ito sa balangkas ng malinaw na pagguhit ng linya sa pagitan ng tama at mali, paninindigan sa mga saligang prinsipyo ng Partido at pagwawaksi sa malalaking pagkakamali at paglihis.

Sa mga tuntunin ng Kilusang Pagwawasto ang idinidiin sa kabuuan ay ang puntong sapat na ang mga normal na proseso at tuntunin ng Partido sa pagtatasa, paglalagom at pagpupunahan para gumabay sa mga pagtatasa, paglalagom at pagpupunahan na dapat isagawa sa balangkas ng Kilusang Pagwawasto. Ang idinidiin ay hindi natin kailangan ang ispesyal na mga tuntunin at proseso para sa Kilusang Pagwawasto. May ilang tuntunin lamang na binibigyan ng partikular na pansin dahil sa partikularidad ng Kilusang Pagwawasto bilang isang konsentradong kilusang pang-ideolohiya na sumasaklaw sa buong Partido at nakatutok sa pagwawasto ng mga pagkakamali at paglihis sa linya at mga saligang prinsipyo.

Ang umpisa ng Kilusang Pagwawasto ay ang desisyon ng KS sa

komprehensibong paglalagom. Kaakibat nito, sinimulan ng KS ang pagpuna sa sarili, sa KPKS, sa KTKS at sa iba pang mga organo ng Partido [Sa dokumento ng paglalagom, tinutukoy lamang ang ibang organo kung talagang kailangan.] Malinaw nang iginuhit sa pambansang antas ang mga pangunahing pagkakamali at paglihis na dapat punahin at iwaksi. Ang pagkokonsolida ng pagkakaisa at wastong pag-unawa ng buong Partido sa mga usaping ito ang layunin ng Kilusang Pagwawasto. Ito ay isang kilusang pang-ideolohiya na pinamumunuan ng KS.

Bakit itinakdang dapat gawin sa balangkas ng paglalagom ng KS ang pagtatasa, paglalagom at pagpupunahan sa iba't ibang antas? Natural, dahil ang layunin ay pagkaisahin ang buong Partido sa paglalagom ng KS. Gayunman, hindi nangangahulugang basta ipapataw o ididiktahan sa mga kasama ang pagsang-ayon sa paglalagom ng KS at mga kongklusyon nito. Diskusyon at deliberasyon, pagpapaliwanagan at paghikayat, ang pamamaraan sa pagbubuklod ng pag-unawa ng mga kasama at ng buong organisasyon ng Partido. Tulad ng ginawa na sa ilang rehiyon, naglagom sila ng sarili nilang karanasan sa gabay ng paglalagom ng KS. Sa loob ng prosesong ito, nabuo nila ang pagkakaisa sa pagtingin sa kanilang nakaraang karanasan, sa mga pangunahing leksyon doon, gayundin sa paglalagom ng KS sa pambansang antas. Kaakibat nito isinagawa ang pagpuna sa sarili at pagpupunahan.

Sa ganitong proseso, mali at hindi maaaring ipagbawal ang pagkwestyon o pagsalungat sa mga kongklusyon ng paglalagom ng KS. Pero dahil wasto ang paglalagom ng KS at pinamumunuan ng KS ang mga pagtatasa at paglalagom sa ibaba, naniniwala ang KS na basta't bukas ang isip at matapat ang talakayan, mareresolba ang mga usapin sa pamamagitan ng talakayan at paliwanagan. Kung mayroon mang yunit o kasama na hindi makumbinsi sa diskusyon at mahigpit na tututol sa buong balangkas at mga pangunahing kongklusyon ng paglalagom ng KS, ang dapat nilang gawin ay ihapag sa mga kinauukulang nakatatasa na organo ng Partido ang kanilang pagtutol at doon maghabol ng rekonsiderasyon.

Kung hahayaan ang kahit sinong kasama o yunit na itransporma ang diskusyon sa pagtatasa, paglalagom at pagpupunahan sa isang kampanya laban sa paglalagom ng KS, hindi na ito magiging Kilusang Pagwawasto at hindi na rin magiging isang kilusan sa pamumuno ng KS. Hangga't umiiral ang desisyon ng KS sa Kilusang Pagwawasto, tungkulin ng mga sentral na organo at iba pang namumunong komite ng Partido na itaguyod ito at pakitunggalian ang mga pagsalungat dito. Siyempre pa, hangga't maaari, sa pamamagitan ng kumbinsihan at hikayatan. Ang mga ito ay mga elementaryang tuntunin at proseso na dati na nating ginagawa at sinusunod sa pagpapatupad ng mga desisyon ng KS, o iba pang namumunong organo sa mas mababang antas. Pero ngayon, ito ay bigla na lamang na pinalilitaw ng "SGVC" na isang malaking kabalintunaan dahil tutol sila sa paglalagom ng KS, tutol sila sa Kilusang Pagwawasto at dinadala nila ang kanilang pagtutol sa pamamagitan ng paglabas sa demokratikong sentralismo ng Partido.

Ang pagpupunahan at paglalahad ng mga pusisyon sa balangkas ng mga partikular na yunit at organo ay isang karaniwang tuntunin at kalakaran din sa loob ng Partido. Sa mga probisyon ng Konstitusyon na sinipi ng

"SGVC", malinaw na ang mga diskusyon at pagpupunahan ay ginagawa sa mga pulong ng mga kinauukulang organo. Isang saligang tuntunin ng Partido na ang bawat kasapi ay dapat maging bahagi ng isang yunit ng Partido; hindi pinahihintulutan ang mga kasaping nakalutang at naglalabas-masok sa kung saan-saang yunit depende sa kanyang kagustuhan o kapritso. Madidisorganisa ang Partido kapag hinayaan ang mga kasapi ng Partido na magpapalipat-lipat sa sari-saring caucus na kung sinu-sino ang nagbubuo at dumadalo, walang malinaw na kinikilalang nakatataas na organo, at walang depinidong pananagutang indibidwal at kolektibo sa mga pinag-uusapan at ginagawa.

Ang paglahok sa buhay ng Partido, ang paggamit sa mga karapatan at ang pagtupad sa mga tungkulin bilang kasapi, ay pawang ginagawa sa balangkas ng pagiging myembro ng partikular na yunit o mga yunit ng Partido, na nakapaloob sa mga depinidong organisasyon at sinasaklaw ng mga tiyak na tuntunin at proseso sa relasyon ng nakabababa at nakatataas na antas. Ang tuntuning ito ay saligan sa isang Marxista-Leninistang partido at produkto ng mahabang pakikitunggali ng mga Marxista-Leninista laban sa indibidwalismong petiburgis, anarkismong aristokratiko ng mga intelektwal, at iba pang anyo ng kawalang-disiplina at mga di-proletaryong impluwensya sa loob ng proletaryong partido. Ipinagbabawal ng mga tuntunin ng Kilusang Pagwawasto ang pagpuna ng lampas sa organo at yunit na kinabibilangan. Ibig sabihin, gaya ng karaniwang kalakaran, ang pwedeng punahin ay ang mga indibidwal na kabilang sa yunit na nagpupunahan. Kung gustong punahin ang mas nakatataas na organo, ihapag ng direkta sa kanila ang mga puna, sa halip na gawing paksa ng talakayan at kampanya sa ibaba. Kung gustong punahin ang isang kasamang kabilang sa ibang yunit, ihapag sa kanya nang direkta ang puna sa halip na pagtsismisan sa mga pulong na hindi siya kaharap.

Sa Kilusang Pagwawasto, kahit nakatuon ito sa mga usapin ng malulubhang pagkakamali at paglihis, dapat piling-pili ang pagtukoy at pagpuna sa mga indibidwal na pinapangalanan nang lampas sa kanilang kinabibilangan yunit o saklaw. Ibig sabihin, dapat bigyan ng pinakamaluwag na pagkakataon ang mga indibidwal na kasama na makapagkusa sa pagpuna sa sarili at pagwawasto nang hindi na nagiging usap-usapan sa ibang yunit hangga't maaari. Piling-pili at pagpapasyahan ng mga kinauukulang nakatataas na organo ang mga indibidwal na tutukuyin at pupunahin nang lampas sa kinabibilangang yunit. Ito ay gagawin lamang sa mga tampok na negatibong halimbawa na may katuturan sa pagtataguyod sa mga saligang prinsipyo ng Partido at mahigpit na pagsapol sa mahalagang aral.

Ang mga tuntuning ito ay naglalayong pangibabawin ang edukasyunal, mapanghikayat at mapang-unawang diwa sa Kilusang Pagwawasto. Layunin din nitong pangalagaan ang integridad at prestihiyo ng mga indibidwal na kasama, gayundin ng mga yunit at organo ng Partido -- habang isinusulong ang puspusang pagpuna at pagwawaksi sa mga pagkakamali at paglihis. Pero ang mga tuntuning ito mismo, na normal sa Partido at binibigyan lamang ng partikular na pansin sa Kilusang Pagwawasto ay pinalilitaw ng "SGVC" na panunupil at paninikil. Lubhang nagkabali-baligtad na yata ang pagtingin

ng "SGVC" sa mga bagay-bagay.

Ang Kilusang Pagwawasto ay tinatatakan ng "SGVC" na "purga" ayon sa pakahulugan ng mga propagandistang antikomunista, dahil daw may probisyon sa pagtanggap sa Partido ng mga kasaping hindi na naniniwala sa mga saligang prinsipyo ng Partido, nakagawa ng malalang pagkakamali at paglihis pero ayaw magwasto, at lumalabag sa mga tuntunin ng Partido. Mulí, ang tuntuning ito ay saligan sa Partido. Bawat kasapi ay may mga karapatan at mga tungkulin sa Partido, na kapag hindi niya nagagampanan at laluna kapag malubha niyang nilalabag ay dahilan para itiwag siya.

Ang pagsapi sa Partido ay tunay na isang dakilang panata ng paglilingkod sa rebolusyonaryong adhikain ng proletaryado. Pero walang ipinanganak na Komunista at dapat patuloy ang pagpapanibagong-hubog ng bawat kasapi ng Partido. Ang isang matuwid at ulirang kasapi ng Partido kung magpapabaya ay pwedeng mabulok at maging kasiraan sa Partido. Kung ayaw niyang magbago sa kabila ng mga pagsisikap na tulungan siya, karapatan at tungkulin ng Partido na itiwag siya.

Sa Kilusang Pagwawasto, inaasahang maliit na bilang lamang ang matigas na lalaban sa mga saligang prinsipyo ng Partido, matigas na tatangging magwasto ng malalaking pagkakamali at paglihis, mananabotahe at manggugulo, at hahantong sa pagtitiwalag sa Partido. Umaalma at humihiyaw dito ang mga paksyunalista at manghahati dahil sa unang pagkakataon sa maraming taon, iginigiit natin na ang pagiging kasapi ng Partido at ang pagkakaisa ng Partido ay hindi lamang sa pulitika, organisasyon o kapritso, kundi nakabatay sa mahigpit na mga pamantayan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.